KWF
MEDYO MATAGALANG PLANO
2017–2020

KWF Medyo Matagalang Plano 2017–2020

Karapatang-sipi © 2016 ng Komisyon sa Wikang Filipino.

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-akda at tagapaglathala.

Disenyo ng aklat at pabalat ni Danielle Mae Riña

CIP Data

Philippines. Komisyon sa Wikang Filipino.
KWF medyo matagalang plano 2017-2020/ Komisyon sa Wikang Filipino.—
Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, c2016.
p.; cm.

ISBN 978-971-0197-94-1

1. Filipino languages. 2. Language policy. 3. Filipino languages development.

PL6051 499.211 2016

Inilathala ng
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
Gusaling Watson, 1610 Daang JP Laurel
1005 San Miguel, Maynila
Tel. 02-733- 7260 • 02-736- 2525
Email: komfil@kwf.gov.ph
Website: www.kwf.gov.ph

NILALAMAN

Isang Pambansang Lunggating Pangwika **4**

Mga Misyon para sa Komisyon sa Wikang Filipino **8**

KWF Medyo Matagalang Plano 2017–2020 **15**

Pambansang Adyenda sa Saliksik Pangwika at Pangkultura **42**

Pambansang Adyenda sa Salin **55**

Ang Adhika ng Aklat ng Bayan **64**

ISANG PAMBANSANG LUNGGATING PANGWIKA

MABIGAT NA RESPONSABILIDAD PANGWIKA ang iniatang sa Komisyon sa Wikang Filipino hindi lámang para sa pangangalaga at pagpapaunlad ng wikang Filipino kundi sa pagpapaunlad din ng ibang wika sa Filipinas. Ang pangangailangan sa isang malinaw na planong pangwika ang unang tinugunan nang umupo ang bagong Kalupunan ng mga Komisyoner noong 2013. Sa pamamagitan ng binuong "KWF Medyo Matagalang Plano 2013–2016," nagkaroon ng lohiko at sistematikong pangangasiwa sa mga wika at tiniyak na nakasunod ang naturang plano sa makabagong pamamaraan at tumutugon sa pangangailangan ng kasalukuyang panahon.

Sa pamamagitan din ng naturang plano sinikap ng KWF na pataasin ang kalidad ng serbisyong ibinibigay nitó sa pangunahing mga kliyente at palawakin ang sákop na dominyo: ikinampanya ang reoryentasyon sa probisyon ng Saligang Batas sa Filipino—na mapauunlad higit sa pamamagitan ng kontribusyon ng mga ibang wika sa Filipinas; pagtatatag ng isang episyente at de-kalidad na makinaryang pampublikasyon—ang Aklat ng Bayan; pagpapalaganap ng estandardisasyon ng Filipino at armonisasyon ng mga wika sa Filipinas sa pamamagitan ng isang *Ortograpiyang Pambansa*; pagbuo ng isang napapanahon at estandardisadong mapa ng mga wika ng Filipinas; at pakikipagtulungan sa ibang ahensiya ng pamahalaan tulad sa Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED) at Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) upang magamit ang Filipino bílang midyum sa pagtuturo at sa Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamahalaan (DILG) at Komisyon sa Serbisyo Sibil (CSC) upang magamit ang Filipino sa mga transaksiyon ng pamahalaan.

Holistiko ang naging pagtingin ng KWF at sinikap ipalaganap ang kaisipang gamítin at paunlarin ang Filipino sa ibá't ibáng larang,

lagpas sa pagtuturò nitó bílang asignatura sa mga silid-aralan at pag-alala nitó tuwing Agosto, at lalong higit upang maging instrumento ang wikang pambansa sa ekonomikong kaunlaran at sa pang-araw-araw na búhay ng mga Filipino.

Sa loob ng apat na taon ay aktibong nakibahagi ang KWF sa iba't ibang usaping pang-edukasyon—mula sa pagtugon sa pagbuo ng mga materyales sang-ayon sa MTB-MLE at ng kurikulum salig sa K to 12 at sa pagbabago ng kurikulum ng CHED sang-ayon sa CHED Memorandum blg. 20. Noong 2015 din ay ipinagkatiwala sa KWF at sa Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA) ang pagdiriwang tuwing Abril ng Buwan ng Panitikan ng Filipinas sa pamamagitan ng Proklamasyon blg. 968.

Bagaman sinikap na maging holistiko at maging ingklusibo ang mga planong pangwikang ito, batid ng KWF na nagsisimula pa lámang ito sa pagtupad ng kaniyang tungkulin. Marami ang kailangang ipagpatuloy at marami pang kailangang simulang ipatupad.

Hinahangad ng bagong *KWF Medyo Matagalang Plano 2017–2020* ang pagpapatuloy o higit pa ay pagpapaunlad ng sinimulang pamamaraan ng KWF sa pangangasiwang pangwika. Ang serye ng mga artikulo at patakaran sa koleksiyong ito ang mga hakbang na ipinapanukala ng KWF upang matupad ang pambansang lunggating pangwika—**ang maging behikulo ang wika sa ekonomiko at pangkamalayang kaunlaran ng mga Filipino at ng Filipinas**.

Inilatag sa "Mga Misyon ng Komisyon sa Wikang Filipino" ang buod ng mga nagawa ng KWF sa loob ng apat na taon sang-ayon sa "KWF Medyo Matagalang Plano 2013–2016." Ang artikulong ito ay binása ni Tagapangulong Virgilio S. Almario sa Pambansang Kongreso sa Pagpaplanong Wika noong 5–7 Agosto 2015 sa Sison Auditorium, Lingayen, Pangasinan at tumalakay sa hangaring magamit sa pambansang kaunlaran, pambansang kaisahan, at pagtamo ng karunungan ang wikang Filipino.

Inilalahad naman sa "KWF Medyo Matagalang Plano 2017–2020" ang apat na bagong adhika ng KWF—**Pagpapaunlad at Pagpapalaganap ng Wikang Filipino**; **Pagpapalawig at Pagpapaigting ng Saliksik**; **Pagbuo, Pagpapatupad, at Pagsubaybay sa Patakarang Pangwika**; at **Pagpapalakas ng Serbisyong Institusyonal**. Dumaan sa serye ng konsultasyon at rebisyon ang naturang KWF MMP 2017–2020 at naging mahalagang pagbabago ang pagtuon sa saliksik at pagsubaybay sa pagpapatupad ng patakarang pangwika—mga gawaing kapuwa mahalagang tungkulin ng ahensiya at nais pagtuunan sa susunod na apat na taon.

Bunga naman at mas pagpapalawig ng mga estratehiya at gawaing nabanggit sa KWF MMP 2017–2020 ang "Pambansang Adyenda sa Saliksik Pangwika at Pangkultura" at "Pambansang Adyenda sa Salin." Pangunahing layunin ng dalawang adyenda ang tipunin ang lahat ng mga pagsisikap sa saliksik at pagsasalin sa Filipinas. Tinitipon at pinangkat sa mga adyendang ito ang iba't ibang estratehiya upang magkaroon ng kaisahan ang mga gawaing pansaliksik at pampagsasalin.

Isang panawagan naman ang "Adhika ng Aklat ng Bayan" ni Tagapangulong VS Almario upang matupad ang isang "Aklatan ng Karunungan." Tinalakay din sa sanaysay na ito ang pagkakaroon ng alternatibong paglilimbag, ang mahalagang gampanin ng pagsasalin sa pagpapaunlad ng paglilimbag sa Filipinas at pagpapalaganap ng karunungan, at paghikayat sa milyon-milyong Filipinong magtulungan upang ang Filipinas ay maging "isang bansa ng mga mambabasá."

Inihahandog ng limang artikulong ito ang nais ipatupad na patakaran ng Komisyon sa Wikang Filipino sa susunod na apat na taon. Hinahangad ng ahensiya na maging katuwang ang mga institusyon ng pamahalaan, mga pribadong institusyon at mga indibidwal, mga guro, mga magulang, mga katutubong mamamayan, mga mag-aaral, at lahat ng nagmamalasakit sa wikang Filipino at may paniniwalang kinakailangang Filipino at mga wika sa Filipinas ang gamítin para

sa pag-unlad ng bansang Filipinas at sa pagpapatatag ng ating pagkakakilanlan bílang mga Filipino.

Nawa'y maging katuwang kayo ng KWF upang makamit ang isang pambansang lunggating pangwika.

Maria Christina A. Pangan
Nanunungkulang Opisyal sa Pagpaplano

MGA MISYON PARA SA KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

(Isang Ulat para sa Kongreso ng Pagpaplanong Wika, 5 Agosto 2015)

Virgilio S. Almario

NAPAKAHALAGA NG PAGPAPLANONG WIKA ngunit waring nawala ito sa isip ng nagdaang mga tagapamahala ng Surian ng Wikang Pambansa at hanggang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Mahirap tuloy mabalikan ngayon kung ano ba ang direksiyong ninais abutin para sa Wikang Pambansa sa loob ng nakaraang mahigit 65 taon. Nang mabuo ang kasalukuyang Kalupunan ng mga Komisyoner ng KWF nitóng Marso 2013, naging unang hakbang namin ang pagtawag ng isang seminar upang konsultahin at ganyakin ang ilang piniliìng alagad ng wika sa pagbuo ng isang Medyo Matagalang Plano (*Medium Term Plan*) para sa wikang Filipino. Sagot ang plano sa mga lumitaw na analisis hinggil sa naging mabagal na pagsusúlong sa Filipino at sa mga posibleng gawin ng KWF upang mabisàng matupad ang atas ng 1987 Konstitusyon at ng Batas Republika Blg. 7104.

Sa patnubay ng bisyon na—**Wikang Filipino: Wika ng Dangal at Kaunlaran**—inihanda ng Kalupunan ang buong komisyon para sa tatlong taóng masugid na pagkilos upang pasiglahin ang pagtataguyod sa Wikang Pambansa at ibang wikang katutubo at makapagdulot ng pambansang patnubay sa wastong paggamit, pagtuturò, at pagpapahalaga sa Filipino. Sa ilalim ng programang Súlong: Dangal ng Filipino, unang naganap ang reorganisasyon ng KWF. Binago ang komposisyon at tungkulin ng mga sangay upang umangkop sa mga bagong adhika sa Medyo Matagalang Plano. Nagkaroon ng bagong Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN) at Sangay ng mga Literatura at Araling Kultural (SLAK) samantalang binigyan ng mga tiyak na gawain at proyekto ang Sangay ng Salita at Gramatika (SSG) at Sangay ng Salin (SS). Sinundan

ito ng mga regular na pag-aaral at palihan upang mapataas ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga kawani. Nirebisa din ang organisasyon at programa ng mga sangay ng KWF sa mga rehiyon at lalawigan sa ilalim ng bagong pangalang Sentro ng Wika at Kultura (SWK). Bago matapos ang 2013, naaprobahan din ang bagong logo ng KWF upang maging sagisag ng nagbagong misyon ng komisyon para sa sarili at para sa Filipino.

Mula naman sa isang serye ng mga forum at konsultasyon ay nabuo ang *Ortograpiyang Pambansa*, na hindi nagluwat ay nadugtungan ng *KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat*. Natapos din ang pagrebisa sa Patnubay sa Korespondensiya Opisyal na siyang pangunahing instrumento para sa pagpapatupad ng Executive Order 335 ni Pangulong Corazon C. Aquino. Samantala, sinimulan ang publikasyon ng jornal na *Pandiwa* at lathalaang Aklat ng Bayan, na may kaukulang tulong mula sa Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA), upang pasiglahin ang saliksik, pagsasalin, at paglalathala ng mga aklat na makapagpapalaganap ng bagong kaalaman at magtatanghal sa kapasidad ng Filipino bílang wikang modernisado at intelektuwalisado.

PAMBANSANG KAISAHAN

Ang mga aklat at manwal ang naging kasangkapan sa kampanyang Filipino: Wika ng Pagkakaisa para sa taóng 2014. Adhika ng KWF na maging sagisag ang wikang Filipino ng diwang maugnayin (*inclusive*) hinggil sa pangangalaga ng mga wika at kulturang katutubo samantalang pinauunlad ang Wikang Pambansa bílang modelo ng pagpapaunlad at pagkakaisa. Sa loob ng kampanyang ito isinagawa ang malawakang seminar hinggil sa *Ortograpiyang Pambansa* at *Manwal sa Masinop na Pagsulat* para sa mga guro at hinggil sa *Patnubay sa Korespondensiya Opisyal* para sa mga pinunò at empleado ng mga ahensiya ng pamahalaan. Naging pangunahing layunin sa mga seminar at workshop ang estandardisasyon o pagkakaisa sa anyo ng Filipino sa pagsulat. Ang layuning ito ay naging armonisasyon nang tumulong ang KWF sa pagsasaayos ng

mga ortograpiya ng 19 sariling wika (*mother tongues*) sa programang MTB-MLE ng DepEd.

Inilunsad din ng KWF ang proyektong *Atlas Filipinas* na may dalawang sanga. Ang unang sanga ay nauukol sa pagbuo ng isang bagong mapa ng bansa na nagtataglay ng kaukulang pagbabago sa ispeling ng mga pook na katutubo ang pangalan alinsunod sa palabaybayang Filipino. Ikalawang sanga ang pagmamapa sa mga wika ng Filipinas, na isang saliksik hinggil sa tunay na bílang ng mga katutubong wika at sa sitwasyon ng mga komunidad na nagsasalita ng mga ito. Mahigpit na katulong ng KWF sa proyektong ito ang DILG at ang Pambansang Komisyon para sa mga Katutubong Mamamayan (NCIP).

Kaugnay ng pangangalaga sa mga wikang katutubo ang idinaos na malaking **Summit sa Wika ng Kapayapaan** na dinaluhan ng mga lider ng umaabot sa 100 wikang lumad at pinagmulan ng kasalukuyang saliksik hinggil sa mga nanganganib na wika, simula sa mga wikang Negrito. Itinataguyod din ng KWF ang mga taunang proyektong *Ambagan* at *Sawikaan*, bukod sa nagbibigay ng pondo para sa pagsasalin at paglilimbag ng mga bokabularyong sinulat sa panahon ng Español upang maging saligan sa mga manigong pagsusúlong ng mga wika ng Filipinas.

Itinuturing na makabuluhang aspekto ng wika ang paggamit nitó sa panitikan. Sa ngayon, binabalikat ng KWF ang pangangalaga sa mga wika at panitikang katutubo sa pamamagitan ng sumusunod: (1) kumperensiya ukol sa mga wika at panitikang rehiyonal, (2) antolohiya ng mga akdang pampanitikan sa katutubong wika na may katapat na salin sa Filipino, at (3) *Timpalak Uswag Darepdep*, isang kontest sa pagsulat ng tula at kuwento para sa mga kabataan at gamit ang kanilang katutubong wika. Sa kabilâng bandá, may kilos din ang KWF upang palusugin pa ang imahen ng pambansang panitikan. Isa rito ang timpalak *Sali(n) Na!* na kontest sa pagsasalin at paglilimbag ng mga makasaysayang akda at dokumento.

PAMBANSANG KAUNLARAN

Nagpapatuloy ang kampanyang binuksan noong 2013 at 2014. Ngunit itinuon ng KWF ang kampanya sa **Filipino: Wika ng Pambansang Kaunlaran** nitóng 2015. Kaugnay ng bagong diin, binago ang islogang Súlong: Dangal ng Filipino tungo sa **Uswag: Dangal ng Filipino**.

Nangangahulugan ito ng pagpangitain sa isang pinalawak na saklaw ng paggamit sa wikang Filipino at ang pananalig na ang pag-unlad ng wikang Filipino ay kaagapay kung hindi man salamin ng pag-unlad ng Filipinas sa ekonomiya at ibang larangan. Binigyan ng bagong tuon ngayon ang saliksik pangkultura at pagsasalin, lalo na kaugnay ng higit na matalik na pakikiisa sa K–12 at sa implementasyon ng CHED Memo Blg. 20, s. 2013 hinggil sa paglikha ng walong bagong core courses sa kolehiyo.

Dalawang proyekto kaugnay ng saliksik pangkultura ang nasimulan nitóng 2015. Una, ang *Gawad Julian Cruz Balmaseda* na nagpaparangal sa pinakamahusay na tesis at disertasyon ng nakaraang taón at may tuon sa mga pag-aaral na nása ibang disiplina. Ikalawa, ang *Lekturang Norberto Romualdez* na may layuning makaipon ng mga bagong pagtingin at saliksik sa ibá-ibáng lárang sa pamamagitan ng mga lektura ng mga pangunahing intelektuwal.

Kaugnay nitó ang bagong tuon ng pagsasalin. Idinagdag sa pagsasaling pampanitikan ang pagsasalin ng mga bantog na akdang banyaga, lalo na upang magamit sa pagtuturò ng panitikang pandaigdig. Nangampanya din sa mga embahada hinggil sa isang Programa ng Palítang Salin sa layuning maipakilála ang panitikan ng Filipinas sa ibáng bansa samantalang ipinakikilála sa mga mambabasáng Filipino ang mga huwarang akdang banyaga. Pinatindi naman ang gawain ng Sangay ng Salin tungo sa pagsasaling teknikal. Bukod sa mga batas at regulasyong kailangang isa-Filipino, naghahanda ang sangay ng isang serye ng palihan para

sa pagsasaling teknikal at tungo sa propesyonalisasyon ng hanay ng mga tagasalin.

Katulong ang Wika ng Kultura at Agham (WIKA), Inc., nagsagawa ang KWF ng isang konsultasyon hinggil sa kurikulum sa Filipino ng K–12. Ang resulta ng pagsusuri at mga rekomendasyon ay ipinadalá sa DepEd para sa kaukulang pagsasaalang-alang. Sinundan pa ito ng seminar-workshop hinggil sa reoryentasyong pampanitikan na isinagawa sa Luzon, Visayas, at Mindanao upang makabuo ng isang listahan ng mga akdang mairerekomendang gamitin para sa mga teksbuk sa panitikan ng mga paaralang elementarya at sekundarya. Isang workshop na rin ang naidaos sa Bacolod para sa mga guro at artist ng rehiyon upang matulungan siláng sumulat at gumuhit ng mga kuwentong pambatà. Kaugnay ng pagtuturò sa batayang edukasyon, inaasahang matapos ang isang bagong Gramatikang Pambansa bago matapos ang 2015. Ipapanukala ng naturang aklat ang bagong pagtingin sa wikang Filipino bílang bahagi ng mga wikang katutubo. Ilulunsad din ang proyektong **Pagtuturò ng Filipino bílang Ikalawang Wika** upang higit na maging epektibo ang pagtuturò ng Filipino sa mga pook na di-Tagalog.

Pinakamabigat na misyon ngayon ang Pambansang Programa sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (PPIF) na ipinanukala ng KWF para sa pakikipagtulungan ng CHED. Nagsimula ito sa inisyatiba ng KWF kasáma ang NCCA, na tumulong sa retooling ng mga guro sa Filipino na apektado ng CHED Memo Blg. 20, s. 2013.Sa naturang inisyatiba, pumili ng apat sa panukalang bagong core courses ang KWF, ipinagpagawa ng silabus at sangguniang aklat bawat isa, at upang mabigyan ng bagong kaalaman at kasanayan ang mga guro sa Filipino. Sa isang púlong sa pamunuan ng CHED, nagpahayag ng suporta ang CHED para sa isang organisadong pagpapasigla ng paggamit ng Filipino sa mga disiplina at kurso sa antas tersiyarya. Nagresulta ito sa panukalang PPIF na binubuo ng mga kurso, palihan, at seminar upang maituro ang paggamit ng Filipino lalo na sa pagtuturo ng agham at matematika, mga insentibo sa mga guro na gaya ng grant para sa gradwadong pag-aaral, at pagbuo at paglalathala ng mga kailangang materyales panturo.

WIKA NG KARUNUNGAN

Ang lahat ng mga nabanggit na gawain at proyekto ng KWF ay hindi lámang para sa pambansang kaisahan at kaunlaran. Higit pa. Sapagkat ang tugatog ng pagpapalaganap at pag-aangat sa — Dangal ng Filipino ay ang pagkilála at paggálang dito bílang **Wika ng Karunungan**. Na maaari itong gamítin sa anumang uri ng edukasyon ng sinumang Filipino; na maaari itong kasangkapan ng bayan sa anumang uri ng diskurso at anumang uri ng usapin sa lahat ng dako ng bansa. Kailangang patunayan para sa lahat na—Hindi Ingles lang ang wika ng karunungan—bukod pa sa pagtatanghal na —Hindi wika lang ng mangmang ang Filipino.

Hindi naman bago, bagaman sistematiko, ang pamamaraang kinasangkapan ng KWF upang tupdin ang mga itinakdang misyon sa Medyo Matagalang Plano nitó. Nangunguna siyempre ang mga serye ng forum, konsultasyon, at seminar na naging daan upang sa isang bandá ay makakuha ng mga opinyon at mungkahi mula sa mga guro at alagad ng wika, at upang sa kabilâng bandá ay mapalaganap ang mga binagong tuntunin at patakarang pangwika. Kasáma ng ganitong mga pagtitipon ang taunang Kongreso sa Wika upang matalakay at mapag-usapan ng lahat ang mga pangunahing isyu, problema, at tungkulin para sa wikang Filipino. Ipinaplano ding mabuti kahit ang mga dáting pagdiriwang, gaya ng Araw ni Balagtas at Buwan ng Wika, upang magtanghal ng ibang karanasang edukasyonal at makaahon sa nakababagot na't nakamihasnan.

Naging malaking tulong ang reorganisasyon ng hanay ng KWF upang maging epektibong makinaryang pangwika. Halimbawa, ang pagbuo sa SEN upang aktibong harapin ang networking. Agresibo ang SEN sa paghahanap ng panahon upang makapagsalita ang KWF sa radyo at telebisyon, bukod pa sa regular at buwanang *Kapihang Wika* upang kausapin ang mga miyembro ng mass media at makatulong ang mga ito sa pagbabalita ng mga aktibidad ng KWF.

Bahagi ng promosyong pangwika ang mga gawad at parangal. Sa ngayon, hinigpitan ng KWF ang pagbibigay ng dáting parangal,

gaya ng *Dangal ng Wika* at *Dangal ni Balagtas*, upang higit na maging prestihiyoso. Idinagdag naman ang gawad na gaya ng pambansang Gawad *Ulirang Guro sa Filipino* upang kilalánin ang pagpapakasákit ng mga guro sa Filipino. Nagiging paraan naman ang pagpilì ng mga Kampeon ng Wika sa pana-panahon at sa ibá't ibáng lárang at rehiyon upang lumaki ang hanay ng mga tagapagtaguyod ng Filipino. Napakalaki ng posibilidad ng bagong deklarang **Buwan ng Panitikan ng Filipinas** tungo sa higit na pag-akit ng madla sa halaga ng wika at panitikan ng Filipinas. Ang totoo, nakasalalay ang tagumpay ng mga misyon ng KWF sa wastong pagpapakilos ng mga kaalyadong tao, organisasyon, at institusyon.

Sa loob ng nakaraang dalawang taón, sinikap itaguyod ng KWF ang isang organisado at planadong pagkilos, at dahil organisado at planado ang pagkilos ay natupad nitó ang mga misyong hindi isinagawa ng mga nakaraang administrasyon. Ngunit napakaikli ng tatlong taón para matupad ang lahat. Kung sakali, nagsisimula pa lámang ngayon ang KWF at kailangan pa marahil ang isang bagong set ng pamunuan na magpapatuloy sa sinimulan ngayon upang maging kaganapan ang atas ng 1987 Konstitusyon. Gayunman, humaharap ang KWF sa 2016, sa ika-25 anibersaryo nitó, nang may matatag na paninindigan para sa Filipino bílang wika ng pinagsanib na pambansang **Kaisahan**, **Kaunlaran**, at **Karunungan**. Maipagmamalaki na ngayon ng sinumang na "**Filipino ako, Filipino ang wika ko, Filipinas ang bansa ko**."

Salamat po sa inyong tulong at taguyod.

Ferndale Homes
28 Hulyo 2015

KWF MEDYO MATAGALANG PLANO 2017–2020

PAGBABAGONG–BIHIS NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

NAGSILBING PAGHAHAWAN ng madawag na landas ng wika ang nakaraang tatlong taon para sa Komisyon sa Wikang Filipino. Nagkaroon ng malinaw na direksiyon at planong pangwika ang ahensiya nang buuin at maipatupad ang Medyo Matagalang Plano 2013–2016. Sa pamamagitan nitó, isang malaking misyon ng ahensiya ang pagbawi sa awtoridad ng KWF sa mga usaping pangwika. Bílang natatanging ahensiyang pangwika ng pamahalaan, sinikap ng KWF na makipag-ugnayan sa mga tagapagpatupad ng mga patakarang pangwika katulad ng Kagawaran ng Edukasyon para sa Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) at K-12, at ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED) para sa Memorandum blg. 20 hinggil sa rebisyon ng General Education Curriculum at paggamit ng Ingles o Filipino bílang midyum ng pagtuturò.

Nagsagawa rin ng pambansang kampanya sa estandardisasyon ng wikang Filipino at armonisasyon ng mga wika ng Filipinas. Sa pamamagitan ng paglalathala ng *Ortograpiyang Pambansa* na inendoso ng DepEd sa pamamagitan ng Kautusang Pangkagawaran blg. 34 s. 2013 at ng CHED sa pamamagitan ng isang kalatas hinggil sa pagpapagamit nitó sa mga kolehiyo at unibersidad, naging masigasig ang KWF sa pagpapalaganap nitó sa mga guro at kawani ng pamahalaan. Umabot sa mahigit sampung libong guro at mga mag-aaral sa ibá't ibáng antas ang nakinabang sa naturang seminar sa mahigit 40 lugar mula Basco, Batanes at Sagada, Mountain Province hanggang Islang Dinagat sa Davao. Isang modernisadong pagdulog sa pagsulat ng ortograpiya ang inihandog ng *Ortograpiyang Pambansa*

sa paglalahok ng malaganap na katangian ng mga wika sa Filipinas katulad ng tuldik patuldok o *schwa* (ë), paggamit ng mga digrapong th, st, at sh na dáti'y sa Ingles lámang kinikilála, at pagpapagamit ng dalawampu't walong titik ng alpabeto sa alpabeto ng mga wika ng Filipinas. Sa kauna-unahang pagkakataon din ay nagsaliksik at naglathala ang Komisyon sa Wikang Filipino ng napapanahong mapa at atlas ng 130 mga wika ng Filipinas at ang simula sa pagkalap ng katangian ng gramatikang Filipino.

Bahagi rin ng pagbabagong-bihis ng ahensiya ang pagsasapanahon ng tatak nitó. Bílang pagdiriwang ng ika-150 anibersaryo ng kapanganakan ni Andres Bonifacio, nagsilbing modelo ang medalyon ng pambansang bayani upang katawanin ang mga halagahang (*values*) isinusúlong ng KWF: karangalan at kahusayan. Sagisag din ito ng pag-asa at kawalang-hanggan ng mga wika sa Filipinas. Sa loob lámang din ng tatlong taon, naging malawak ang saklaw ng mga publikasyong inilalathala ng KWF. Sa ilalim ng programang **Aklat ng Bayan**, nagsimulang maglathala ng mga saliksik pangwika, mga salin ng akdang pampanitikang panrehiyon at pandaigdig, saliksik sa ibáng lárang na nakasulat sa wikang Filipino, at pagsasalin at paglilimbag ng mga pag-aaral sa wika at kultura ng Filipinas. Pitumpung aklat na ang inilathala sa ilalim ng programang ito at nagsilbing kasangkapan ng KWF sa pag-abot ng mga pangunahing kliyente ng ahensiya sa mga probinsiya at sa ibá pang panig ng daigdig.

Isang malaking hámon para sa KWF ang pamamatnubay sa modernisasyon ng wikang Filipino at mga wika ng Filipinas. Ipinakilála ng ahensiya ang Araling Kultural bílang larangang kailangang pag-aralan gámit ang wikang Filipino, pagpapasigla sa pagsasaling teknikal, at paghimok sa mga dalubhasa sa ibá't ibáng matataas na lárang na gamítin ang wikang Filipino sa kaniláng mga pag-aaral.

Sa usapin ng patakarang pangwika, hindi tumigil ang KWF sa kampanya nitó sa paggamit ng Filipinas para sa bansa at Filipino para sa tao. Bagong responsabilidad pangwika at pangkultura rin ang

iniatang ng pamahalaan sa KWF sa pamamagitan ng Proklamasyon blg. 968 s. 2015 upang manguna sa pagdiriwang at pangangasiwa ng Buwan ng Panitikan ng Filipinas.

Ilang lámang ito sa mga kongkretong hakbang na ginawa ng KWF sa nakaraang tatlong taon. Naging masalimuot na pagtatatag ng pundasyon ang nakaraang medyo matagalang plano upang magabayan ang Filipino sa landas ng modernisasyon at intelektuwalisasyon.

Sa pagtawid sa panibagong yugto ng pagpaplano para sa wikang Filipino at mga wika ng Filipinas, inihahandog, sa pangkalahatan, ng Medyo Matagalang Plano 2017–2020 ang pagpapatuloy ng mga inilatag nang programa at proyekto ng nakaraang tatlong taon.

Dumaan sa masusing ebalwasyon at rebisyon ang nakaraang medyo matagalang plano. Una itong sinuri ng KWF Kalupunan ng mga Komisyoner, mga punò ng sangay at kaniláng mga katuwang, at mga yunit ng pangasiwaan sa KWF MMP Ebalwasyon at Plano noong 1–2 Disyembre 2015 sa Sulo Riviera Hotel, Lungsod Quezon. Sa naturang ebalwasyon, naging tampok na mga mungkahi ang sumusunod:

1. Pagkakaroon ng hiwalay na adhika para sa mga katutubong wika
2. Pagtuon sa Saliksik at pagbuo ng KWF Adyenda sa Saliksik
3. Patakarang pangwika
4. Pagdadagdag ng target at impact indicators

Pagkakataon na rin ito para sa buong KWF upang maging maláy sa palagiang pagsangguni sa isang medyo matagalang plano bílang batayan ng mga taunang gawain ng ahensiya.

Isinaalang-alang ang mga mungkahing ito sa pagbuo ng MMP 2017–2020 at ibinahagi ito sa KWF Medyo Matagalang Plano 2017–2020 Palihan noong 1–3 Pebrero 2016 sa Silid Darangën, Pambansang

Komisyon para sa Kultura at mga Sining. Masusing sinuri ng KWF Kalupunan ng mga Komisyoner, mga punò ng sangay, mga punò ng yunit ng pangasiwaan, mga direktor ng Sentro ng Wika at Kultura, at ilang pangunahing kasangkot (*stakeholders*) ang borador.

MISYON, BISYON, AT APAT NA ADHIKA NG KWF PARA SA 2017–2020

Nagpasiya ang pangkat nang nakaraang palihan na panatilihin ang misyon at bisyon ng KWF. Sinuri rin ang nakaraang mga adhika at nagpasiya sa pagsasáma o paghihiwalay ng mga ito. Naging tampok na pagbabago ang pagpaplano para sa saliksik bílang bagong adhika. Sa MMP 2013–2016 ay naging kasangkapan lámang ang saliksik sa pagbuo ng mga patakarang pangwika. Sa bagong medyo matagalang plano, kinikilala nitó ang mahalagang bahagi ng saliksik sa pagsusulong ng Filipino bílang wika ng karunungan. Naging paraan din ito upang makabuo ng isang Pambansang Adyenda sa Saliksik Pangwika at Pangkultura (PASPP) at Pambansang Adyenda sa Salin (PAS) at pagpapasigla ng partisipasyon ng mga institusyong pang-edukasyon sa gawaing ito.

Mas pinalawak din ang saklaw ng adhika hinggil sa serbisyong panloob. Paglalatag ng mga pundasyon sa epektibong paninilbihan sa KWF ang naging tuon ng MMP 2013–2016 kayâ ipagpapatuloy ang pagpapaigting nitó sa pamamagitan ng adopsiyon ng epektibong sistema ng pamamahala at pagtatatag ng mga gusaling pangwika. Samantala, lumawak din ang sakop ng adhika para sa patakarang pangwika sa aktibong pagsubaybay sa umiiral na mga patakarang pangwika sa mga institusyong pampamahalaan. Sa pamamagitan nitó, mas mahihikayat ng KWF ang mga ahensiya na gamítin ang Filipino bílang kanilang wikang opisyal.

BISYON

Wikang Filipino: Wika ng Dangal at Kaunlaran

MISYON

Itaguyod ang patuloy na pag-unlad at paggamit ng Filipino bílang wikang pambansa hábang pinangangalagaan ang mga wikang katutubo ng Filipinas tungo sa pagkakaunawaan, pagkakaisa, at kaunlaran ng sambayanang Filipino.

	ADHIKA	LAYUNIN
1	Pagpapalaganap at pagpapaunlad ng wikang Filipino	Maiangat ang antas ng kahusayan at pagpapalaganap sa paggamit ng wikang Filipino at mga wika ng Filipinas sa ibá't ibáng lárang ng karunungan at sektor ng lipunan.
2	Pagpapaigting at pagpapalawig ng saliksik	Magsagawa ng pananaliksik sa wikang Filipino, mga wika ng Filipinas, at sa ibá't ibáng disiplina.
3	Pagbuo, pagpapatupad, at pagsubaybay ng patakarang pangwika	Bumuo, magpatupad, at magmonitor ng patakarang pangwika batay sa malawak na saliksik at ugnayan sa mga pangunahing kasangkot (*stakeholders*).
4	Pagpapalakas ng serbisyong institusyonal	Palakasin at patatagin ang mga mekanismo para sa pagsasaayos ng organisasyon at panloob na pamamahala ng KWF.

Isang malawak at ingklusibong medyo matagalang plano ang kinakatawan ng apat na bagong adhika ng KWF. Sinasalamin nitó ang mga priyoridad na estratehiyang pangwika para sa patuloy na pag-unlad ng wikang Filipino at mga wika ng Filipinas.

ADHIKA 1	Pagpapalaganap at pagpapaunlad ng wikang Filipino
ESTRATEHIYA	**PROGRAMA, AKTIBIDAD, AT PROYEKTO**
1.1 Maisalin sa Filipino at mga wika ng Filipinas ang mahahalagang akda sa iba't ibang disiplina	Sertipikong Programa sa Pagsasalin at akreditasyon ng mga tagasalin Pagsasalin ng mga akda Paglalathala ng mga akdang salin Programang Palítang Salin Timpalak sa pagsasalin gaya ng *Sali(n) Na!*
1.2 Makabuo ng mapagkakatiwalaang network ng mga tagasalin/manunulat/ editor/pabliser/midya	Pagsasanay at akreditasyon ng mga tagasalin Pagtatag ng Kawanihan ng Pagsasalin Pagbuo ng mga registry - Organisasyong pangwika, pangkultura, at pampanitikan - Midya - Editor - Pabliser - Guro
1.3 Mapaunlad ang pagsasalin bílang disiplina/propesyon	Pagsasanay at akreditasyon ng mga tagasalin Pagbabalangkas ng panukalang batas para sa propesyonalisasyon ng pagsasalin

Layunin: Maiangat ang antas ng kahusayan at pagpapalaganap sa paggamit ng wikang Filipino at mga wika ng Filipinas sa ibá't ibáng larangan ng karuniungan at sektor ng lipunan.

MARKA NG TAGUMPAY (Success Indicators)	RESPONSABLENG YUNIT/TANGGAPAN
2017: 10 akreditadong tagasalin bawat taon	Sangay ng Salin (SS)
5 salin kada taon mula sa mga SUC at ahensiya ng pamahalaan	SS Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)
5 aklat na isinalin kada taon	SEN
2 aklat na isinalin mula sa ibá't ibáng institusyong pangkultura/embahada kada taon	SS, SEN
3 entri	SS
Registry ng Tagasalin (20 akreditadong tagasalin)	SS
Kawanihan ng Pagsasalin (2020)	SS
- 10 organisasyon; 50% dagdag na organisasyon kada taon - 30 miyembro ng midya; 35% dagdag kada taon - 20 editor/pabliser; 25% dagdag kada taon	SEN
10 akreditadong tagasalin;50% dagdag kada taon	SS
Naipanukala sa kongreso (2020)	SS

ADHIKA 1	Pagpapalaganap at pagpapaunlad ng wikang Filipino
ESTRATEHIYA	**PROGRAMA, AKTIBIDAD, AT PROYEKTO**
1.4 Maipalaganap ang napapanahong kaalaman hinggil sa Filipino at mga wika ng Filipinas sa ibá't ibáng sektor ng lipunan	Uswag: Dangal ng Filipino Pagsasanay ng mga Tagapagsanay para sa Pagtuturo ng Filipino bílang Pangalawang Wika Kumperensiya sa Wika at Panitikang Rehiyonal Seminar sa Panitikang Gender-based Timpalak Uswag Darepdep Kapihang Wika Pagbisita sa Midya Bumuo ng materyales pangmidya gaya ng, ngunit hindi limitado sa, AVP, TV program, infomercial, at infographic Pambansang Reoryentasyon sa Panitikan Filipino spellchecker software

Layunin: Maiangat ang antas ng kahusayan at pagpapalaganap sa paggamit ng wikang Filipino at mga wika ng Filipinas sa ibá't ibáng larangan ng karuniungan at sektor ng lipunan.

MARKA NG TAGUMPAY (Success Indicators)	RESPONSABLENG YUNIT/TANGGAPAN
800 kalahok na sumailalim sa treyning; 10 seminar; 10% pagtaas kada taon	Tanggapan ng Tagapangulo
30 guro kada pagsasanay sa 3 pagsasanay kada taon	Sangay ng Salita at Gramatika (SSG)
2 kumperensiya kada taon	Sangay ng Literatura at Araling Kultural (SLAK)
4 seminar sa ibá't ibáng lugar kada taon	SLAK
10 entri kada wika kada genre	SS
10 kada taon	SEN
2 media outfit kada buwan	SEN
1 KWF AVP kada taon #WikaNga 3 radio/tv show sa rehiyon	SEN
MoA sa DepEd hinggil sa mga panitikang gagamitin sa batayang edukasyon (sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino at Ingles) (2017)	SLAK
5 reoryentasyon; 2 pagtaas kada taon	SLAK
Pagbuo ng spellchecker software para sa wikang Filipino (2017)	SSG
Adopsiyon ng mga KWF kawani sa Filipino spellchecker software at midya (2018)	SSG

ADHIKA 1	Pagpapalaganap at pagpapaunlad ng wikang Filipino
ESTRATEHIYA	**PROGRAMA, AKTIBIDAD, AT PROYEKTO**
	(pagpapatuloy)
	Filipino spellchecker software
	Pambansang Debate sa Filipino
	Iispel Mo!: Pambansang Ispeling Kontest sa Filipino
	Ulirang Guro sa Filipino
	Pandaigdigang Kongreso sa mga Pag-aaral sa Filipinas (Philippine Studies) sa Wikang Filipino
	Pandaigdigang Kongreso sa Salin
1.5 Magamit ang Filipino bílang midyum ng pagtuturo sa ibá't ibáng disiplina at antas	Retooling ng mga guro sa antas tersiyarya Forum sa Antas Tersiyarya
	Pagbuo at paglilimbag ng mga materyales/ babasahín sa ibá't ibáng disiplina na nakasulat sa Filipino
	Pakikipagkasundo na ilahok sa teacher's training curriculum ng mga institusyon ang paggamit ng Filipino bílang midyum ng pagtuturo
	Pagsasalin ng kurikulum sa ibá't ibáng kurso ng CHED

Layunin: Maiangat ang antas ng kahusayan at pagpapalaganap sa paggamit ng wikang Filipino at mga wika ng Filipinas sa ibá't ibáng larangan ng karuniungan at sektor ng lipunan.

MARKA NG TAGUMPAY (Success Indicators)	RESPONSABLENG YUNIT/TANGGAPAN
Adopsiyon ng DepEd Filipino spellchecker software (2019)	SSG
Adopsiyon ng mga ahensiya ng pamahalaan sa Filipino spellchecker software (2020)	SSG
Tie-up sa isang TV Network (2017); 1 debate kada taon	SEN
Tie-up sa DepEd hinggil sa timpalak; pandibisyon, rehiyonal, at pambansang nibel ng timpalak kada taon; 20 kalahok kada dibisyon; 10% pagtaas kada taon	SEN, SS
75 entri kada taon	SSG
300 kalahok	SSG, SLAK, SEN, SS
300 kalahok	SS
3 retooling; 1 pagtaas kada taon	SLAK
1 forum kada larang; 1 dagdag na larang kada taon	SS
1 aklat; 1 aklat dagdag kada taon	SEN
MOU/MOA sa 1 institusyon sa bawat taon; 1 institusyon dagdag kada taon	SSG
1 kurikulum kada taon	SLAK

ADHIKA 1	Pagpapalaganap at pagpapaunlad ng wikang Filipino
ESTRATEHIYA	**PROGRAMA, AKTIBIDAD, AT PROYEKTO**
1.6 Mapalawak ang repositoryo ng publikasyong nakasulat sa Filipino at ibang wika ng Filipinas	Paglilimbag ng mga orihinal na akda at/o pag-aaral na nakasulat sa Filipino at mga wika ng Filipinas (Aklat ng Bayan) Korpus ng Filipino at mga wika ng Filipinas
1.7 Mahikayat ipatupad ang paggamit ng Filipino bílang wikang opisyal sa ibá't ibáng ahensiya/institusyon (pampamahala an at pribado)	Seminar sa Korespondensiya Opisyal Selyo ng Kahusayan sa Serbisyo PubliKO Pambansang Summit sa Wika (*Language Biennale*) Pagsasalin ng Gabay ng Mamamayan ng mga institusyon/yunit pampamahalaan

Layunin: Maiangat ang antas ng kahusayan at pagpapalaganap sa paggamit ng wikang Filipino at mga wika ng Filipinas sa ibá't ibáng larangan ng karuniungan at sektor ng lipunan.

MARKA NG TAGUMPAY (Success Indicators)	RESPONSABLENG YUNIT/TANGGAPAN
5 aklat	SEN
1 gumaganang korpus ng wikang Filipino (2017); taunang pagsasapanahon ng korpus	SSG, SEN
20 ahensiyang nakapagdaos ng seminar; 10% pagtaas kada taon;	SLAK
20 ahensiya na bumuo ng Lupon sa KO; 5 % pagtaas kada taon	SLAK
5% ng na-KO na ahensiya ang nagsusulat/ nagpapaskil ng mga karatula atbp, sa Filipino at wikang katutubo	SLAK
10 sumaling ahensiya/institusyon; 10% pagtaas kada taon	SLAK
1 summit kada dalawang taon	SS, SSG, SLAK, SEN
5 naisaling Gabay ng Mamamayan kada taon	SS

ADHIKA 2	Pagpapaigting at pagpapalawig ng saliksik
ESTRATEHIYA	**PROGRAMA, AKTIBIDAD, AT PROYEKTO**
2.1 Magamit ang Filipino bílang wika ng saliksik	Pagsasapanahon ng manwal sa saliksik Pagdaraos ng mga pagsasanay/forum/seminar hinggil sa pananaliksik gámit ang wikang FIlipino Pakikipag-ugnayan at pakikipagkasundo sa DepEd at CHED hinggil sa paggamit ng Filipino bílang wika ng saliksik Pagdaraos ng mga timpalak na nakahihikayat magsaliksik at/o lumikha ng orihinal na mga pag-aaral na nakasulat sa Filipino (Gawad Julian Cruz Balmaseda) Pagbibigay ng grant sa pagsulat ng saliksik sa ibá't ibáng disiplina gámit ang wikang Filipino
2.2 Mapalawak at mapalalim ang saliksik pangwika at pangkultura sa Filipinas	Pagdaraos ng presentasyon ng pananaliksik (Kolokyum KWF) Pagpapalimbag ng de-repering jornal na magtatampok sa pinakabagong mga saliksik sa wika at kultura ng Filipinas (*Pandiwa*) Pananaliksik sa araling kultural at mga wika sa Filipinas 1. Database sa bílang ng nagsasalita ngFilipino at ibá't ibáng wika ng Filipinas (2020)

Layunin: Magsagawa ng pananaliksik sa wikang Filipino, mga wika ng Filipinas, at sa ibá't ibáng disiplina.

MARKA NG TAGUMPAY (Success Indicators)	RESPONSABLENG YUNIT/TANGGAPAN
Naisapanahong manwal (2019)	SLAK
50 kalahok kada seminar / 2 seminar kada taon	SLAK, SEN
DepEd at CHED Memoranda para sa paggamit ng Filipino bílang wika ng saliksik sa 2017 (DepED: bílang kompetensi; CHED: bílang wika ng saliksik)	Tanggapan ng Direktor Heneral
10 entri sa 2017 12 entri sa 2018 14 entri sa 2019 16 entri sa 2020	SEN
1 saliksik sa 2017; 2 sa 2018; 3 sa 2019; 4 sa 2020	SLAK
10 naipresentang saliksik kada kolokyum	SLAK
2 isyu kada taon	SEN
Nabuong database ng sumusunod:	
bílang ng nagsasalita ng Filipino at ibá't ibáng wika ng Filipinas (2020)	SSG

ADHIKA 2	Pagpapaigting at pagpapalawig ng saliksik
ESTRATEHIYA	**PROGRAMA, AKTIBIDAD, AT PROYEKTO**
	2. Database sa bílang ng tesis, disertasyon, jornal tungkol sa wikang Filipino at ibá pang wika ng Filipinas, at araling kultural (2017) 3. Database sa bílang ng tesis, disertasyon sa ibá't ibáng lárang gámit ang wikang Filipino (2017)
	Pangangalap ng mga Terminong Panghanapbuhay
	Pagbuo ng Sanggunian sa Gramatikang Filipino
	Pagbuo at paglilimbag ng ortograpiya ng mga wika sa Filipinas
	Pagdodokumento ng mga wikang nanganganib
	Pagbuo ng diksiyonaryo ng mga wika ng Filipinas
	Pananaliksik ng mga HEIs batay sa Pambansang Adyenda sa Saliksik Pangwika at Pangkultura (PASPP)
	Magdaos ng mga timpalak/pagkilala na nakahihikayat magsaliksik at/o lumikha ng orihinal na mga pag-aaral pangwika at pangkultura (National Book Awards: (KWF Special Prize for Language Studies)

Layunin: Magsagawa ng pananaliksik sa wikang Filipino, mga wika ng Filipinas, at sa ibá't ibáng disiplina.

MARKA NG TAGUMPAY (Success Indicators)	RESPONSABLENG YUNIT/TANGGAPAN
bílang ng tesis, disertasyon, jornal tungkol sa wikang Filipino at ibá pang wika ng Filipinas, at araling kultural (2017)	SLAK
bílang ng tesis, disertasyon sa ibá't ibáng larang gámit ang wikang Filipino (2017)	SLAK
Terminong Panghanapbuhay (2017)	SLAK
Nalimbag na Sanggunian sa Gramatikang Filipino (2020)	
Ortograpiya ng 3–5 wika ng Filipinas bawat taon	SSG
Dokumentasyon ng mga Wikang Nanganganib (3 wika bawat taon)	SSG
Pagbuo ng limáng diksiyonaryo ng ibá't ibáng wika ng Filipinas (2017–2020)	
	SSG
	SSG
CMO hinggil sa adopsiyon ng PASPP (2017); 1 saliksik sa 2017; 2 saliksik sa 2018; 3 saliksik sa 2019; 4 saliksik sa 2020	SLAK
3 nominasyon sa 2017 3 nominasyon sa 2018 3 nominasyon sa 2019 3 nominasyon sa 2020	SEN

ADHIKA 2	Pagpapaigting at pagpapalawig ng saliksik
ESTRATEHIYA	**PROGRAMA, AKTIBIDAD, AT PROYEKTO**
2.3 Makabuo ng malawak na network ng mga mananaliksik sa iba't ibang disiplina.	Pagkakaroon ng registry ng mga Mananaliksik

ADHIKA 3	Pagbuo, pagpapatupad, at pagsubaybay ng Patakarang Pangwika
ESTRATEHIYA	**PROGRAMA, AKTIBIDAD, AT PROYEKTO**
3.1 Pagpapatupad ng mga patakarang pangwika batay sa rekomendasyon ng sekretaryat at batay sa mga konsultasyon, forum, atbp	Patakarang Pangwika para sa sumusunod: 1. Estandardisasyon / kodipikasyon 1.1. Ortograpiyang Pambansa 1.2. Gramatikang Filipino 1.3. Diksiyonaryong Filipino

Layunin: Magsagawa ng pananaliksik sa wikang Filipino, mga wika ng Filipinas, at sa iba't ibang disiplina.

MARKA NG TAGUMPAY (Success Indicators)	RESPONSABLENG YUNIT/TANGGAPAN
10 mananaliksik; 20% pagtaas kada taon	SLAK, SSG

Layunin: Bumuo, magpatupad, at magmonitor ng patakarang pangwika batay sa malawak na saliksik at ugnayan sa mga pangunahing kasangkot (*stakeholders*).

MARKA NG TAGUMPAY (Success Indicators)	RESPONSABLENG YUNIT/TANGGAPAN
Kapasiyahan, memorandum, proklamasyon hinggil sa sumusunod:	
1.1.1. Pagsasapanahon ng Ortograpiyang Pambansa	Kalupunan ng mga Komisyoner (Kalupunan), SSG, SEN
1.1.2. Pagresolba ng usaping ortograpiko	Kalupunan, SSG, SEN
1.1.3. Paggabay at pagpapatupad ng aprobadong anyo at nilalamang ortograpiko sa mga aklat, liham, at katulad	Kalupunan, SSG, SEN
1.2.1. Pagbuo ng Gramatikang Filipino	Kalupunan, SSG, SEN
1.2.2. Pagresolba ng usaping panggramatika	Kalupunan, SSG, SEN
1.2.3. Paggabay at pagpapatupad ng aprobadong anyo at nilalamang panggramatika sa mga aklat, liham, at katulad	Kalupunan, SSG, SEN
1.3.1. Pagbuo ng Diksiyonaryong Filipino	Kalupunan, SSG, SEN
1.3.2. Pagresolba ng usaping leksikograpiko	Kalupunan, SSG, SEN
1.3.3. Paggabay at pagpapatupad ng aprobadong anyo at nilalamang leksikograpiko sa mga aklat, liham, at katulad	Kalupunan, SSG, SEN

ADHIKA 3	Pagbuo, pagpapatupad, at pagsubaybay ng Patakarang Pangwika
ESTRATEHIYA	**PROGRAMA, AKTIBIDAD, AT PROYEKTO**
(pagpapatuloy)	2. Armonisasyon
3.1 Pagpapatupad ng mga patakarang pangwika batay sa rekomendasyon ng sekretaryat at batay sa mga konsultasyon, forum, atbp	2.1. Ortograpiya ng mga katutubong wika 2.2. Gramatika ng mga katutubong wika 2.3. Diksiyonaryo ng mga katutubong wika 3.Implementasyon 3.1. Filipino bílang wikang opisyal 3.2. Filipino bílang wika sa batayang antas ng edukasyon

Layunin: Bumuo, magpatupad, at magmonitor ng patakarang pangwika batay sa malawak na saliksik at ugnayan sa mga pangunahing kasangkot (*stakeholders*).

MARKA NG TAGUMPAY (Success Indicators)	RESPONSABLENG YUNIT/TANGGAPAN
2.1.1.Paggabay at pagsuporta sa pagbuo ng ortograpiya ng mga katutubong wika	Kalupunan, SSG, SEN
2.1.2.Pagpapatibay sa 2 ortograpiyang katutubong wika kada taon	Kalupunan, SSG, SEN
2.2.1. Paggabay at pagsuporta sa pagbuo ng gramatika ng mga katutubong wika	Kalupunan, SSG, SEN
2.2.2.Pagpapatibay sa 1 gramatika ng katutubong wika kada 2 taon	Kalupunan, SSG, SEN
2.3.1.Paggabay at pagsuporta sa pagbuo ng diksiyonaryo ng mga katutubong wika	Kalupunan, SSG, SEN
2.3.2. Pagpapatibay sa 1 diksiyonaryo ng katutubong wika kada 3 taon	Kalupunan, SSG, SEN
3.1.1. Pagsasapanahon ng Executive Order blg. 335 kada 2 taon	Kalupunan, SLAK, SEN
3.1.2. Pagrekomenda sa mga LGU at mga ahensiya ng pamahalaan hinggil sa paggamit ng wikang Filipino sa mga opisyal na transaksiyon at komunikasyon	Kalupunan, SLAK, SEN
3.2.1. Pagribyu at pagrekomenda sa kurikulum sa Filipino	Kalupunan, SLAK, SEN
3.2.2. Pagribyu at pagrekomenda sa paggamit ng Filipino bílang medium of instruction	Kalupunan, SLAK, SEN
3.2.3. Pagsasalin sa Filipino ng kurikulum at kaugnay na manwal sa batayang edukasyon	Kalupunan, SLAK, SEN
3.2.4. Paggabay at pakikipagtulungan sa DepEd kaugnay ng ribyu ng mga materyales	Kalupunan, SLAK, SEN

ADHIKA 3	Pagbuo, pagpapatupad, at pagsubaybay ng Patakarang Pangwika
ESTRATEHIYA	**PROGRAMA, AKTIBIDAD, AT PROYEKTO**
	3.3. Filipino bílang wika sa lalong mataas na edukasyon
	4. Intelektuwalisasyon at modernisasyon
	4.1. Pambansang Adyenda sa Saliksik Pangwika
	4.2. Pambansang Adyenda sa Salin

Layunin: Bumuo, magpatupad, at magmonitor ng patakarang pangwika batay sa malawak na saliksik at ugnayan sa mga pangunahing kasangkot (*stakeholders*).

MARKA NG TAGUMPAY (Success Indicators)	RESPONSABLENG YUNIT/TANGGAPAN
3.2.5. Pakikipagtulungan sa DepEd kaugnay ng mga programang pangwika sa batayang edukasyon	Kalupunan, SLAK, SEN
3.3.1. Pagribyu at pagrekomenda sa mga patakarang pangwika sa mga unibersidad at kolehiyo	Kalupunan, SLAK, SEN
3.3.2. Pagribyu at pagrekomenda sa paggamit ng Filipino bílang medium of instruction	Kalupunan, SLAK, SEN
3.3.3. Pagsasalin sa Filipino ng mga silabus at kaugnay na dokumento sa lalong mataas na edukasyon	Kalupunan, SLAK, SEN
3.3.4. Paggabay at pakikipagtulungan sa CHED kaugnay ng ribyu ng mga materyales	Kalupunan, SLAK, SEN
3.3.5. Pakikipagtulungan sa CHED kaugnay ng mga programang pangwika sa lalong mataas na edukasyon	Kalupunan, SLAK, SEN
4.1.1. Pagpapatibay at pagpapalaganap ng pambansang adyenda sa saliksik pangwika kada taon	Kalupunan, SLAK, SEN
4.1.2.Pagrekomenda sa mga ahensiya, kagawaran, at katulad ng binuong pambansang adyenda	Kalupunan, SLAK, SEN
4.2.1. Pagpapatibay at pagpapalaganap ng pambansang adyenda sa salin kada taon	Kalupunan, SLAK, SEN
4.2.2. Pagrekomenda sa mga ahensiya, kagawaran, at katulad ng binuong pambansang adyenda	Kalupunan, SLAK, SEN

ADHIKA 3	Pagbuo, pagpapatupad, at pagsubaybay ng Patakarang Pangwika
ESTRATEHIYA	**PROGRAMA, AKTIBIDAD, AT PROYEKTO**
3,2 Pagmomonitor at pagribyu ng umiiral na mga patakarang pangwika	1. Pagbuo ng database ng mga patakarang pangwika
	2. Pagribyu ng umiiral na mga patakarang pangwika

Layunin: Bumuo, magpatupad, at magmonitor ng patakarang pangwika batay sa malawak na saliksik at ugnayan sa mga pangunahing kasangkot (*stakeholders*).

MARKA NG TAGUMPAY (Success Indicators)	RESPONSABLENG YUNIT/TANGGAPAN
1.1. Paglikom ng mga patakarang pangwika ng mga institusyong pang-edukasyon (2017)	Kalupunan, SSG, SS
1.2. Paglikom ng mga patakarang pangwika ng mga pambansang ahensiya (2018)	Kalupunan, SEN
1.3. Paglikom ng mga patakarang pangwika ng mga lokal na yunit ng pamahalaan (2019)	Kalupunan, SLAK
1.4. Paglikom ng mga patakarang pangwika ng mga pribadong organisasyon / ahensiya (2020)	Kalupunan, SEN
1.5. Pagbuo ng isang elektronikong repositoryo at limbag na dokumentasyon ng mga patakarang pangwika sa bansa (2020)	Kalupunan, SEN
2.1. Pagribyu at pagsasapanahon ng 2 patakarang pangwika kada taon	Kalupunan, Tanggapan ng Direktor Heneral

ADHIKA 4	Pagpapalakas ng Serbisyong Institusyonal
ESTRATEHIYA	**PROGRAMA, AKTIBIDAD, AT PROYEKTO**
4.1 Maisaayos ang organisasyon at pamamahala tungo sa lalong mabisà at episyenteng paglilingkod	Paggamit ng KWF Manwal sa Operasyon at pagrebisa nitó ayon sa hinihingi ng panahon Sertipikasyon sa ISO 9001: 2015 ng mga sistema ng KWF Pagpapalakas ng ugnayan sa mga Sentro ng Wika at Kultura
4.2 Malinang at mapaunlad ang kasanayán ng mga KWF kawani	Pagpapatupad ng Program to Institutionalize Meritocracy and Excellence in Human Resource Management (PRIME-HR) Pagbuo ng health and wellness program ng mga kawani
4.3 Maisaayos ang pisikal na estruktura ng ahensiya	Pagsasaayos ng Yunit ng Rekords at Aklatan Pagbili ng bagong mga kasangkapan
4.4 Pagpapalawak ng pisikal na estruktura at operasyonalisasyon ng KWF	Paghanap ng lupa at pagtatatag ng sariling gusali ng KWF

Layunin: Palakasin at patatagin ang mga mekanismo para sa pagsasaayos ng organisasyon at panloob na pamamahala ng KWF.

MARKA NG TAGUMPAY (Success Indicators)	RESPONSABLENG YUNIT/TANGGAPAN
ribyu ng manwal kada dalawang taon	Tanggapan ng Direktor Heneral
sertipikasyon sa QMS (2017)	Tanggapan ng Direktor Heneral
2 bagong SWK kada taon	Tanggapan ng Tagapangulo
pagpapatupad ng SWK Manwal at rebisyon nitó ayon sa hinihingi ng panahon	
Akreditasyon sa PRIME-HR level 2 (2017)	Sangay ng Pangasiwaan at Pananalapi (SPP)
Akreditasyon sa PRIME-HR level 3 (2020)	
taunang health and wellness program ng mga kawani na kinabibilangan ng sumusunod: sportsfest, team-building, annual physical exam, atbp.	SPP
resettlement ng Yunit ng Rekords at Aklatan	SPP
taunang programa ng prokyurment ng mga materyales	SPP
Nahanap na lugar/lupa na maaaring pagtayuan ng/gamiting tanggapan ng KWF (2017)	Tanggapan ng Direktor Heneral, SPP
Pagbuo ng hakbang para sa mga panrehiyong tanggapan ng KWF (2018)	Tanggapan ng Direktor Heneral, SPP

PAMBANSANG ADYENDA SA SALIKSIK PANGWIKA AT PANGKULTURA

ANG SALIKSIK ay isang pangunahing gampanin ng Komisyon sa Wikang Filipino na nakasaad sa Batas Republika bílang 7104, Seksiyon 14, na "(c) Undertake or contract research and other studies to promote the evolution, development, enrichment and eventual standardization of Filipino and other Philippine languages. This will include the collation of works for possible incorporation into a multilingual dictionary of words, phrases, idioms, quotations, sayings and other expressions, including words and phrases from other languages now commonly used or included in the lingua franca."

Bunga nitó, isa sa mga adhika ng KWF ay ang "**Pagpapaigting at Pagpapalawig ng Saliksik**" bukod sa tatlo pang adhika: Pagpapalaganap at Pagpapaunlad ng Wikang Filipino; Pagbuo, Pagpapatupad, at Pagsubaybay ng Patakarang Pangwika; at Pagpapalakas ng Serbisyong Institusyonal. Gayon pa man, ang lahat ng adhikang ito ay naisasakatuparan sa pamamagitan at/o nakasalig pa rin sa mga pananaliksik. Ito ang dahilan ng pagbuo ng **Pambansang Adyenda sa Saliksik Pangwika at Pangkultura** na nakaangkla rin sa KWF Medyo Matagalang Plano 2017–2020 ng KWF.

Layunin nitó na maibalangkas ang mga napapanahon at kailangang saliksik pangwika at pangkultura upang maging gabay hindi lámang ng KWF kundi ng lahat ng ahensiya at institusyon na may interes sa wika. Tumutukoy din ang adyendang ito ng mga nangangailangan ng multidisiplinaryo at kolaboratibong lápit sa pananaliksik. Ang ilan sa mga gawaing nakatalâ ay maaari ding maging batayán sa pagbuo ng mas detalyadong plano ng pananaliksik o pag-aaral pangwika. Samakatwid, ang PASPP ay nagbibigay ng direksiyon upang ang lahat ng mga pambansang pagpupursigi at resources para sa saliksik ay magkaroon ng pagkakaisa.

Ang KWF sa ngayon ay nása yugto ng pagpapatatag at pagpapalakas ng mga serbisyong pangwika at pangkultura at pagbubuo ng malawak na network ng mga mananaliksik. Kung kayâ ang isang adyenda sa saliksik ay isang dahilan upang mapayaman ang aklatan, magkaroon ng mga pagsasanay para sa mga mananaliksik, at magkaroon ng produktibong ugnayan at pagkakasundo ang mga ahensiyang tulad ng DepEd, CHED, at iba pang institusyong pansaliksik. Malaki rin ang maitutulong ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK), bílang bisig tagapagpaganap ng KWF sa pagsasakatuparan ng mga inihaing gawaing saliksik.

Ang PASPP ay ang kauna-unahang adyenda sa saliksik na pinalabas ng KWF. Ito ay produkto ng dalawang (2) araw na forum-konsultasyon at talakayan ng mga eksperto sa wika, mga mananaliksik, at mga guro hinggil sa dinamiko at mapagbagong sitwasyon ng wika. Ibinatay din ito sa naging resulta ng isinagawa ng KWF na panimulang survey sa saliksik pangwika at pangkultura sa Filipinas.

Noong Enero 2016, nagsagawa ng panimulang survey na nakatuon lámang sa mga tesis sa masterado at disertasyon, ngunit isináma na rin ang ilang saliksik na may kaugnayan sa wika katulad ng eksperimento sa wika (*language experiments*) na isinagawa ng Kagawaran ng Edukasyon at saliksik ng ilang institusyong pangwika katulad ng Sentro ng Wikang Filipino ng Unibersidad ng Pilipinas-Diliman at Summer Institute of Linguistics. Sadyang walang itinakdang sákop na taon ng pananaliksik at wika (maaaring nása Filipino o Ingles) upang makuha ang bílang at lawak ng saliksik pangwika. Mahalaga ang survey na ito upang maláman ang estado ng kasalukuyang saliksik pangwika sa bansa. Gayundin maaari itong maging simula (*starting point*) ng mga isasagawang saliksik pangwika.

Mula sa 140 kolehiyo at unibersidad sa bansa at may sakop na taon na 1949–2015, nakalap ang 1,345 tesis at disertasyon. Mula sa

bílang na ito, 44.75% ay nása kategoryang saliksik pangwika sa edukasyon, 14.94% sa wika/lingguwistika, at 40.29% sa araling pangkultura. Hinati sa ibá't ibáng lárang ang bawat erya upang matukoy ang mga partikular na paksang pinatutuunan ng saliksik. Tingnan ang talahanayan sa ibaba:

SALIKSIK PANGWIKA SA EDUKASYON	
1. Suliranin sa Pag-aaral ng Wikang Pambansa sa Paaralan	242
2. Pagtuturo ng Wika/Asignaturang Filipino	253
3. Pagtuturo ng Ibáng Lárang Gámit ang Filipino	31
4. Literasi sa Ingles at Filipino	18
5. Pagsasanay sa Pagtuturo Gámit ang Filipino	12
6. Patakarang Pangwika	12
7. Pagsasalin	10
8. Code Switching sa Pagtuturo	6
9. Pagpaplanong Pangwika	6
10. K to 12 at MTB-MLE	6
11. CHED GEC	4
12. Implementasyon ng Kautusang Tagapagpaganap blg. 335	1
13. Batas Pangwika	1
KABUUAN	602

SALIKSIK SA WIKA / LINGGUWISTIKA	
1. Lingguwistika	51
2. Wika at Gramatika ng Filipino, Tagalog, at iba pang wika	45
3. Hambingang Pag-aaral ng Wika	43
4. Pagbuo ng Diksiyonaryo/Katawagan	20
5. Ortograpiya	8
6. Pandiwa, Pang-uri, Panlapi, Pangngalan, Semantiks	7
7. Leksikograpiya ng ibang wika	6
8. Code Switching	6
9. Ponolohiya	4
10. Estandardisasyon ng Wika	3
11. Pagsasalin	3
12. Baybáyin	2

13. Linguistic Profile ng isang Lugar		2
14. Bilingualism		1
	KABUUAN	201

SALIKSIK SA ARALING PANGKULTURA

1. Pag-aaral sa kultura		90
2. Panitikan (pangkalahatang pag-aaral)		42
3. Kuwento		90
4. Tula		60
5. Nobela		58
6. Panitikang-Bayan		60
7. Kulturang Popular		42
8. Pagsasaling Pampanitikan		38
9. Dula		37
10. Awit, Korido, Sarsuwela, Epistolaryo		5
11. Sanaysay, Pahayagan		5
12. Kasarian		12
13. Panitikang Pambatà		1
14. Panitikang Underground		1
15. Panitikang Juvenile		1
	KABUUAN	542

Kung kayâ, ang nabuong adyenda ay ibinatay sa mga nabanggit na erya: Saliksik sa Wika/Lingguwistika, Saliksik Pangwika sa Edukasyon, at Saliksik Pangkultura. Ang sumusunod na erya ay ipinalalagay na mga pangunahing salik sa pagpapaunlad, pangangalaga, at preserbasyon ng wikang Filipino at mga wika ng Filipinas:

A. Saliksik sa Wika/Lingguwistika

Ang pagtataguyod ng saliksik sa wika/lingguwistika ay isang malaking hámon noon pa man hanggang ngayon hindi lámang sa KWF kundi maging sa buong Filipinas.

Katumbas o higit pa ng dami ng wika sa bansa ang mga paksang maaaring saliksikin kaugnay nitó. Malaki ang ambag ng mga saliksik sa estruktura ng wika at ibá't ibáng sangay ng lingguwistika upang mapangalagaan, mapaunlad, maiangat ang etado ng wika, at maisulong ang paggamit nitó sa mas mataas na antas ng karunungan.

Ayon kay Propesor Jesus Federico Hernandez sa kaniyang panayam sa Forum sa Adyenda sa Saliksik Pangwika at Pangkultura, maaaring maging tuon ng saliksik sa wika ang mga prosesong ponolohiko, morpolohikong katangian, mga pagkakatulad sa sintaks, at leksikal na pagkakatulad ng mga katutubong wika ng Filipinas. Sa pagsasagawa ng saliksik, ayon pa rin sa kaniya, mahalagang isaalang-alang ang mga konsepto at pananaw ng singkronikong pagsusuri, diyakronikong pananaw, mutabilidad (kakayahang magbago), at mga sosyo-sikolingguwistikang penomena tulad ng katapatan sa wika (*language loyalty*), kawalang-katiyakan ng pag-iral ng wika (*language endangerment*), at pagkamatay ng wika (*linguicide*).

B. Saliksik Pangwika sa Edukasyon

Malaking bahagi sa lárang ng edukasyon ang gawaing saliksik. Isa na rito ang saliksik pangwika sa edukasyon na dapat pagtuunan upang matugunan ang mga suliraning kinahaharap ng wika sa lárang na ito. Malaki ang ambag ng wika para sa mabisa at epektibong pagtuturò at pagkatuto. Kayâ marapat lámang na magsagawa ng mga saliksik kaugnay nitó hindi lámang para sa kapakanang pangwika kundi higit para sa pagkamit ng tunguhin ng edukasyon, lalo na't itinuturing ang wikang Filipino bílang wika ng karunungan.

Ayon kay Dr. Joseph T. Salazar sa kaniyang panayam sa naturang paksa, mahalagang isaalang-alang ang sumusunod sa pagbuo ng adyenda:

1. Paggamit sa mga pagsusulit at survey bílang mga kasangkapan sa pananaliksik pang-edukasyon.

2. Pagtuturò sa mga guro kung paano mangalap ng impormasyon at kung paano ito susuriin.

3. Pagsasagawa ng taunang survey ng mga mag-aaral na may tuon sa asignaturang Filipino (edad, kasarian, kalagayang sosyo-ekonomiko, relihiyon, tirahan, at iba pang impormasyong demograpiko).

4. Pagsasagawa ng pagsusulit na pangwakas at/o peryodiko na binubuo ng 25% estandardisadong tanong, tulad ng pagsiyasat sa bisà ng mga programa sa asignatura at pagsiyasat sa aspekto ng asignaturang kailangan pang tutukan o paglaanan ng panahon.

5. Pagtuturò ng mga prinsipyo ng pananaliksik.

C. Saliksik sa Araling Pangkultura

Ang kultura at wika ay magkatuwang at magkaagapay sa lahat ng pagkakataon. Kung kayâ maraming isyung pangkultura kaugnay ng wika ang nararapat isaalang-alang sa mga gawaing saliksik. Malaki rin ang puwang ng wika upang masuri ang ideolohiya, uring panlipunan, nasyonalidad, etnisidad, at iba pa ng mamamayang Filipino na nása iisang kultura. Kayâ naman nararapat lámang na itaguyod ang pagsasagawa ng mga makabuluhang saliksik pangwika sa eryang araling pangkultura bílang mabisàng paraan sa pag-unlad ng Filipinas. Idiniin ni Dr. Delfin Tolentino Jr. sa kaniyang panayam na bagaman marami nang artikulong nailathala na maituturing na bahagi ng Araling Pangkultura,

iilan lámang sa mga ito ang tungkol sa wika. Samakatwid, ayon sa kaniya, ang saliksik sa wika sa loob ng Araling Pangkultura ay isang teritoryong hindi pa gaanong nagagalugad. Nagbigay siya ng dalawang ispekulasyon tungkol dito:

1. Marami sa mga may pormal na pagsasanay sa pag-aaral pangwika ang walang hustong kamulatan sa Araling Pangkultura.

2. Marami sa mga may pagsasanay sa Araling Pangkultura ang walang hustong kamulatan sa pag-aaral pangwika.

LAYUNIN NG PASPP

Ang PASPP ay tumutugon at nagtataguyod ng misyon ng KWF na patuloy na pagpapaunlad at paggamit ng wikang Filipino bílang wikang pambansa at pangangalaga ng mga katutubong wika ng Filipinas.

Layunin ng adyendang ito na maisakatuparan ang sumusunod:

1. Palakasin ang gawaing saliksik pangwika nang sa gayon ay makatugon sa minimithing kaunlaran.
2. Paunlarin ang kasanayan sa saliksik pangwika kasabay ng pagpapayaman ng kaalaman sa ibá't ibáng lárang.
3. Pataasin ang kalidad ng mga saliksik pangwika.
4. Paigtingin ang ugnayang pansaliksik ng mga pribado at publikong ahensiya, institusyon, at organisasyong pangwika.

Sa pagbubuod ng pangunahing mga punto ng mga tagapanayam at ng mga kalahok na mga eksperto sa ibá't ibáng lárang pangwika, pagtukoy sa pangunahing layunin ng PASPP, at pagsasaalang-alang sa planong pangwika ng KWF sa susunod na apat na taon, tinukoy ang tatlong pangunahing adyendum at kaugnay na mga estratehiya sa bawat adyendum para sa Pambansang Adyenda sa Saliksik Pangwika at Pangkultura.

ADYENDUM 1. DOKUMENTASYON NG MGA SALIKSIK PANGWIKA AT PANGKULTURA

Higit na magiging malinaw ang direksiyong tatahakin para sa saliksik pangwika at pangkultura kung magkakaroon ng pambansang paglilikom ng mga ginawa nang pag-aaral. Makatutulong din ang dokumentasyong ito sa pagmamapa sa kasaysayan ng pananaliksik sa Filipinas. Ang patuluyan at sistematikong dokumentasyon ng mga umiiral at ipinagpapatuloy na pag-aaral at ang pagsisimula ng iba pang uri ng mga survey ang makatutulong upang mapag-isa at makabuo ng pinagkakatiwalaang database ng mga saliksik pangwika at pangkultura.

Estratehiya 1. **Paglikom ng mga pag-aaral pangwika at pangkultura.** Unang marapat na gawin sa dokumentasyon ng mga saliksik pangwika at pangkultura ay ang paglikom sa mga umiiral nang pag-aaral. Marapat na manguna ang KWF sa gawaing ito at hikayatin ang mga unibersidad, mga pangunahing aklatan, mga sentrong pangwika at pangkultura, at mga organisasyong pangwika sa Filipinas.

Mahalagang sa pagsisimula ng institusyonalisasyon ng saliksik pangwika at pangkultura sa Filipinas ay malikom ang lahat ng naging mga pag-aaral bukod sa tiyak na pagtukoy sa susunod na mga hakbang ay ang pag-iwas ng pag-uulit ng nauna nang pag-aaral. Kung gayon, marapat ding sa paglilikom na ito ay masuri kung anong uri ng at ano ang saklaw ng ginawang mga pag-aaral. Sa ganitong paraan, mas maitutuon ang oras at resources ng mga mananaliksik sa mga erya na hindi pa gaanong nasasaliksik.

Sa kasalukuyan, ipinagpapatuloy ng KWF ang **dokumentasyon ng mga saliksik pangwika at pangkultura** na siyang naging batayan sa isinagawang forum at patuluyang isinasapanahon. Mahusay ding pagsimulan ng pagsasapanahon ng iba pang paglilikom ng mga pag-aaral ang *Apat na Siglo ng Pagsasalin: Bibliyograpiya ng mga Pagsasalin sa Filipinas (1593–1998)* (1999) ni Lilia F. Antonio, *Perspectives on Philippine Languages: Five Centuries of European*

Scholarship (2012) ni Marlies S. Salazar, at *A Bibliography of Philippine Language Dictionaries and Vocabularies* (1991) na tinipon nina Gail R. Hendrickson at Leonard E. Newell.

Estratehiya 2. **Pagsasagawa ng mga survey.** Isang lohikong hakbang kasunod ng sistematikong paglikom ng umiiral na mga saliksik ay ang paggawa ng panibagong mga paglikom lalo na sa mga lárang na wala pang gayong uri ng dokumentasyon. Kaugnay din ng pagsasagawa ng mga survey ang pagsasapanahon sa umiiral nang database ng mga saliksik. Sa isinagawang forum ay tinukoy ang sumusunod na mga survey batay sa tinukoy na tatlong erya:

- Saliksik Panlingguwistika
  - Bibliyograpiya ng mga aklat pangwika/panlingguwistika
  - Bibliyograpiya ng diksiyonaryo at bokabularyo ng mga wika ng Filipinas
  - Survey sa paggamit ng wika sa larang ng agham at teknolohiya
  - Pagsasapanahon ng bílang ng mga tagapagsalita ng bawat wika
- Saliksik Pangwika sa Edukasyon
  - Bibliyograpiya ng mga pag-aaral hinggil sa Filipino bilang pangalawang wika
  - Bibliyograpiya ng mga panitikan para sa batayang edukasyon
  - Bibliyograpiya ng mga aklat pansaliksik pangwika at pangkultura
- Saliksik sa Araling Pangkultura
  - Bibliyograpiya ng mga dokumentasyon ng mga katutubong kaalaman
  - Bibliyograpiya ng mga saliksik sa araling pangkultura

Estratehiya 3. **Pagbuo at pagmamantine ng pambansang korpus ng wikang Filipino at mga wika sa Filipinas.** Isa sa pangunahing layunin ng sistematikong paglikom ng mga umiiral nang saliksik at paghikayat sa pangunahing mga institusyong pansaliksik na lumahok sa gawaing ito ay ang pagbuo ng korpus ng wikang Filipino at mga wika sa Filipinas. Ang pagbuo ng korpus pangwika ay isang malaki at patuluyang gawain na nangangailangan ng kooperasyon ng lahat ng institusyon o entidad na may databank na nakasulat sa Filipino. Layunin nitó, bukod sa pagbuo ng korpus, ay maimapa ang pag-unlad ng Filipino at mga wika sa

Filipinas hábang ginagamit itong wika ng saliksik. Siyentipiko rin ang magiging dulog sa pagtatalaga ng bagong kahulugan sa mga umiiral nang salita at pagtatalâ ng bagong mga salita sa pamamagitan ng episyente at mabilis na akses sa nalikom na mga saliksik na nakasulat sa Filipino at mga wika sa Filipinas.

Sisimulan ngayong 2016 ang pagbuo ng **Pambansang Korpus ng Filipino at mga Wika sa Filipinas** sa tulong ng ilang eksperto sa Agham Pang-computer (Computer Science) sa National University.

ADYENDUM 2. PAGPAPALAGANAP NG MGA SALIKSIK PANGWIKA AT PANGKULTURA

Isang sistematikong plano sa promosyon ng saliksik pangwika at pangkultura bílang disiplina ang kinakailangang gawin ng KWF katuwang ang pangunahing mga institusyong pansaliksik. Kabílang sa gawaing ito ang integrasyon ng saliksik sa batayan at mataas na edukasyon, maayos na programa ng insentibong pansaliksik, at naipanahong database ng mga mananaliksik pangwika at pangkultura.

Estatehiya 1. **Pagpapaunlad sa kasanayan sa pananaliksik.** Mahalaga ang maayos na integrasyon ng saliksik sa lahat ng antas ng edukasyon upang magkaroon ng sustenableng programa sa saliksik pangwika at pangkultura ang Filipinas. Kabílang sa gawaing ito ang **pagbuo ng mga manwal sa saliksik** na siyang magiging gabay ng mga guro sa pagtuturo ng saliksik sa mga mag-aaral. Sa ganitong layunin binuo ang *Introduksiyon sa Saliksik* ng KWF na nakatuon sa mga batayang pamamaraan ng pananaliksik—pagtungo sa aklatan, pagsulat ng term peyper, at pagsasagawa ng interbiyu.

Kaugnay ng pagbuo ng manwal pansaliksik, isang mahalagang bahagi ng binagong K to 12 kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon ang paglahok sa **saliksik bílang kompetensi**. Mahalaga rin ang pagpapaunlad sa kurikulum na ito upang matiyak na may

lohikong pag-unlad ang kasanayan sa pananaliksik ng mga batà. Kinakailangan din ang isang malawakang **pagsasanay pansaliksik** sa mga guro upang magkaroon silá ng napapanahong kaalaman hinggil sa saliksik.

Kaugnay rin sa pagpapaunlad sa kasanayan sa pananaliksik ang patuluyang pagsusuri sa umiiral nang mga kurikulum, kabilang ang ilang isinasagawang proyekto ng KWF: **pagsusuri sa kurikulum, metodo, estratehiya, at teksbuk na ginagamit sa pagtuturò ng Filipino; pagsusuri sa kasanayan sa pagtuturo ng wika at panitikan; at paghahanda ng modyul sa pagtuturo sa ibá't ibáng lárang gámit ang Filipino**.

Estratehiya 2. **Pagbibigay ng insentibo sa pananaliksik.** Isang paraan upang makahikayat ng mga mananaliksik at mapasigla ang saliksik pangwika at pangkultura ay ang paghikayat sa pangunahing mga institusyong pangwika at pangkultura na magbigay ng mga insentibo o grant at magsagawa ng mga timpalak pansaliksik.

Kabílang sa programang ito ang pagpapalawak ng **Aklat ng Bayan** na humihikayat sa paglalathala ng mga orihinal na saliksik pangwika at pangkultura na nakasulat sa Filipino at iba pang wika ng Filipinas. Sinimulan din noong 2014 ang taunang **Gawad Julian Cruz Balmaseda** para sa mga saliksik sa agham, matematika, agham panlipunan, at katulad na nakasulat sa Filipino. Taunan na rin, simula 2015, ang pagbibigay ng gawad sa pamamagitan ng inilahok na kategorya ng KWF sa *National Book Awards* ng Natioanl Book Development Board na **Language Studies (Araling Pangwika)** para sa paglalathala ng napapanahong mga saliksik at ang paglalathala ng de-repering jornal pangwika na tulad ng *Pandiwa*.

Estratehiya 3. **Pagdaraos ng mga pagtitipong pansaliksik.** Naging mahalagang resulta ng pagpapahalaga sa saliksik bílang bagong adhika sa KWF Medyo Matagalang Plano ang pagpaplano ng mga hakbang upang magkaroon ng lugar sa paglalahad at

pagtalakay ng bagong mga saliksik pangwika. Sa pamamagitan ng bagong medyo matagalang plano ng KWF, ilulunsad sa 2017 ang **Kolokyum KWF** na siyang hihikayat sa mga mananaliksik na basahin at talakayin sa mas malawak na pangkat ang kanilang mga pag-aaral.

Estratehiya 4. Pagpapalawak ng network ng mga mananaliksik. Kinakailangan ang maigting na ugnayan sa mga mananaliksik pangwika at pangkultura para sa kolektibong pagsisikap sa pagpapaunlad ng saliksik pangwika at pangkultura. Ang pagmamantine ng isang **registry ng mga mananaliksik at organisasyong pangwika at pangkultura** ay makatutulong upang mapag-isa ang mga gawain para sa pagpapaunlad ng saliksik sa Filipinas.

ADYENDUM 3. PATAKARANG PANSALIKSIK

Isang mabigat na tungkuling pangwika ng KWF ang paghikayat sa ibang institusyong pampamahalaan at pang-edukasyon sa paggamit ng Filipino sa kanilang operasyonalisasyon na siyang makatutulong sa pagpapaunlad ng pambansang wika. Mabigat na responsabilidad pangwika para sa KWF ang gabayan ang mga institusyong ito upang mailahok sa kanilang adyendang pansaliksik ang paggamit at pagpapaunlad ng Filipino.

Sa kasalukuyan, pinahalagahan sa pamamagitan ng Adhika 3 ng KWF Medyo Matagalang Plano ang pagkalap at pagbuo ng database ng mga patakarang pangwika, ang patuluyang pagsasapanahon nitó, at paggabay sa mga institusyon na siyang may responsabilidad sa implementasyon nitó.

Estratehiya 1. **Paghikayat sa mga institusyon sa pagbuo ng mga patakarang pansaliksik kaugnay ng wika at kultura.** Kabílang sa pagpapalawak ng network at paghikayat sa ibá't ibáng institusyong pampamahalaan ang paghikayat sa kanilang bumuo o ilahok a kanilang mga adyendang pansaliksik ang paggamit sa wikang Filipino. Kinakailangan ang maigting na pakikipag-ugnayan ng

KWF sa DepEd at CHED upang maipalaganap ang paggamit sa wikang Filipino sa mga saliksik at pagpapasigla ng saliksik pangwika at pangkultura na may tuon sa Filipino sa iba't ibang dominyo, Filipino bilang pangalawang wika, at dokumentasyon ng iba't ibang wika ng Filipinas.

Estratehiya 2. **Monitoring, pagribyu, at rebisyon ng mga patakaran.** Isang mabigat na tungkulin ng KWF ang pagtiyak na patuluyang iniimplementa ang mga nabuong patakarang pangwika hinggil sa saliksik. Kinakailangang bumuo ng isang epektibo at episyenteng mekanismo upang masubaybayan ang implementasyon, masuri, at marebisa kung kinakailangan ang naturang mga patakaran.

PAMBANSANG ADYENDA SA SALIN

ESPESYAL NA TUON sa paglikha ng Komisyon sa Wikang Filipino sa pamamagitan ng Batas Republika blg. 7104 ang pagtatatag ng isang sangay ng salin. Partikular sa Seksiyon 14 letra f ang sumusunod na gawain ng naturang sangay: "encourage through incentives, undertake and vigorously support the translation into Filipino and other Philippine languages of important historical works and cultural traditions of ethnolinguistic groups, laws, resolutions and other legislative enactments, executive issuances, government policy statements and official documents, textbooks and reference materials in various disciplines and other foreign materials which it may deem necessary for education and other purposes."

Sa pamamagitan ng naturang probisyon ay pinanatili sa KWF ang isa ring serbisyong frontline na ang pangunahing kliyente ay mga ahensiya ng pamahalaan at mga indibidwal. Bukod sa pangunahing gawaing ito, nakapaglunsad na rin ang KWF ng mga pagsasanay at kumperensiya sa pagsasalin.

Kaugnay nitó, nagkaroon na rin ng kani-kaniyang inisyatiba sa pagsasalin ang mga orgranisasyong pangwika, mga mananaliksik sa akademya, at ilang mga stitusyong pang-edukasyon. Nakabuo na ng ibá't ibáng manwal sa pagsasalin, mga simulain sa Araling Pampagsasalin (*Translation Studies*), at pagsasalin ng mga akda.

Sa pamamagitan din ng pagtitipon ni Dr. Lilia Antonio sa bibliyograpiya ng mga pagsasalin sa Filipinas simula noong 1590s, naimapa ang lahat ng mga akdang isinalin na sa Filipino at mga wika sa Filipinas.

Nananatiling buháy ang pagsasalin dahil sa mga inisyatibang ito. Ngunit, mapananatili ba ito sa dáratíng pang mga panahon at sa hinaharap na pagbabagong panlipunan ng Filipinas?

Isang indikasyon ng kawalan ng matatag na programa sa pagsasalin ang katotohanang hindi pa natutupad ang probisyon sa 1987 Saligang Batas Artikulo XIV Seksiyon 8 na: "This Constitution shall be promulgated in Filipino and English and shall be translated into major regional languages, Arabic, and Spanish."

Kaugnay nitó, hindi mapananatili ng paisa-isang inisyatiba ng pamahalaan, mga pribadong organisasyon at indibidwal, akademya, at mga eksperto ang industriya ng pagsasalin sa Filipinas. Malaki ang tendensiya ng ganitong watak-watak na pagkilos ang pag-uulit ng mga programa at pagwawaldas ng badyet , oras, at lakas.

Kinakailangan ang kolektibong pagkilos tungo sa isang malinaw na direksiyon ng pagsasalin.

Sa ganitong tunguhin nais ng Komisyon sa Wikang Filipino magsimula ang pagbuo at pagpapatupad sa isang Pambansang Adyenda sa Salin (PAS) na sasaklaw sa mga taóng 2017 hanggang 2020.

Ang panukalang pambansang adyendang ito ang siyáng magtatakda sa mga priyoridad na estratehiya at gawain upang maipatupad ang pagsasalin sa mga programa, hindi lámang ng mga institusyong pang-edukasyon kundi sa mga ahensiya ng pamahalaan. Naglatag din ang adyendang ito ng mga unang hakbang upang maipalaganap ang pagsasalin bílang isang buháy na propesyon sa Filipinas.

Makatutulong ang PAS sa pagpapatupad ng KWF Medyo Matagalang Plano 2017-2020 na pangkalahatang planong pangwika ng Filipinas, partikular sa aspektong pagsasalin at pagpapatupad ng mga patakarang pangwika.

Ang PAS din ay makatutulong upang maitakda ang pagsasalin bílang mahalagang aspekto ng **intelektuwalisasyon ng Filipino** at **pag-unlad ng mga wika sa Filipinas**. At, bílang sukdulang tunguhin, makatutulong ang Pambansang Adyenda sa Salin sa paggamit ng wikang Filipino sa pagkamit ng **pambansang kaunlaran**.

PANGKALAHATANG LAYUNIN

1. Maglatag ng malinaw na programang pampagsasalin sa Filipinas;
2. Paigtingin ang ugnayan ng mga institusyon at indibidwal na may kaugnayan sa pagsasalin;
3. Magkaroon ng integrasyon ang pagsasalin sa mga programang pampamahalaan at pang-edukasyon.

ADYENDUM 1. PROPESYONALISASYON NG PAGSASALIN

Isang batayang gawain sa pagtatatag ng maunlad na industriya ng pagsasalin sa isang bansa ang propesyonalisasyon ng pagsasalin. Kabílang sa pagsasakatuparan nitó ang pagdaraos ng mga pagsasanay upang makabuo ng hukbo ng mga tagasaling may kakayahan at kasanayán (*proficiency*) sa dalawa o higit pang wika. Mahalaga ring aspekto ng propesyonalisasyon ang integrasyon ng mga programang pampagsasalin sa sistema ng edukasyon. Unti-unting namamatay ang kurso at/o asignatura sa pagsasalin sa mga unibersidad at sa kasalukuyan, hindi lalagpas sa sampung institusyon ang may programang pagsasalin kayâ marapat na bumuo ng mga hakbang upang mapasigla ang pagsasalin sa loob at labas ng institusyong pang-edukasyon.

Estratehiya 1. Akreditasyon ng mga Tagasalin. Pangunahing hakbang sa pagkilála sa mga tagasalin ang pagbuo ng programa para sa kaniláng akreditasyon. Kabílang sa mga gawain sa ilalim ng estratehiyang ito ang pagbuo ng mga pamantayan sa akreditasyon, pagsúkat sa kasanayan ng tagasalin, at paggawad ng sertipiko bílang propesyonal na tagasalin na dumaan sa naturang akreditasyon. Bukás para sa lahat ng mga kawani ng pamahalaan at pribadong institusyon, at mga indibidwal ang akreditasyong ito.

Mahalaga ring aspekto ng akreditasyon ang pagkilála sa institusyon na magsasagawa nitó. Bílang natatanging ahensiyang pampamahalaan para sa mga wika at sa pagsasalin, sinimulan ng

KWF ang **Sertipikong Programa sa Pagsasalin**. Kinapalooban ng dalawang antas ng pagsasánay—batayan at intermedya—ang pagsasánay na ito. Dadaan sa serye ng mga lektura at palihan sa pagsasaling teknikal at pampanitikan ang mga mapipilìng kalahok.

Estratehiya 2. **Pagsasalin bílang Kasanayán sa Batayang Edukasyon**. Sa pagsusuring isinagawa ng Wika ng Kultura at Agham (WIKA) Inc., sa pakikipagtulungan sa KWF at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA) noong Oktubre 2014, napagpasiyahan ng mga dumalo sa **Pambansang Oryentasyong Pampanitikan** ang pagmumungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon na ilahok ang pagsasalin bílang kasanayang kailangang madevelop ng mga mag-aaral na kaniláng mapakikinabangan sa pagtuntong sa Baitang 11 at 12 para sa kaniláng pipiliing academic track at sa mataas na edukasyon para sa kukunin niláng digri program.

Mahalaga para sa pagsasagawa nitó ang matalik na ugnayan KWF at DepEd upang mabuo ang kongkretong hakbang sa integrasyon ng pagsasalin sa kurikulum, sa pagsasánay sa mga guro, at pagbuo ng mga babasahín.

Estratehiya 3. Pagsasalin bílang Pangkalahatang Asignatura sa Matataas na Lárang. Kaugnay ng kasanayan sa pagsasalin sa batayáng edukasyon, higit na makatutulong sa mga mag-aaral sa kolehiyo ang pagkuha ng asignatura sa pagsasalin upang tuluyang magamit ang Filipino bílang midyum ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng pagkatuto sa pagsasalin at ang kaakibat nitóng kasanayán sa dalawang wika (halimbawa, sa Filipino at sa Ingles), mahihikayat ang mga mag-aaral at mga propesor na sumulat ng mga saliksik, magturo, at makipagtalakayan gámit ang wikang Filipino.

Estratehiya 4. **Paggámit ng Filipino bílang Midyum ng Pagtuturo**. Isa sa mga probisyon sa Artikulo XIV Seksiyon 6 ng 1987 Saligang Batas ang paggamit ng Filipino bílang midyum ng pagtuturo: "Subject to provisions of law and as the Congress may deem appropriate, the Government shall take steps to initiate and sustain the use of Filipino as a medium of official communication and as language

of instruction in the educational system." Sa ganitong layunin, kinakailangang hikayatin ang mga institusyong pang- edukasyon na gamítin ang Filipino sa kaniláng pagtuturo. Mahalaga sa pagtupad nitó ang pagsasalin at pagkakaroon ng mga tagasalin mula sa ibá't ibáng lárang.

Ang **Forum sa Antas Tersiyarya** ng KWF ay isa sa mga gawain upang hikayatin ang at patunayan sa mga propesor, dekana, at/o administrador ng ibá't ibáng institusyon sa lalong mataas na edukasyon (*higher education institutions*) na ang Filipino ay maaaring gamitin bílang midyum ng pagtuturò sa Agham, Teknolohiya, Batas, Araling Pang-computer, Medisina, atbpang matataas na lárang.

Estratehiya 5. Kasanayan sa Wikang Pambansa, Katutubo, at Banyaga. Bahagi ng propesyonalisasyon ng pagsasalin ang maayos na programa sa pag-aaral ng wika. Sa kasalukuyan, ilang mga pangunahing unibersidad lámang ang nagbibigay ng digri program sa pag-aaral ng wikang pambansa (BA/MA/PhD Filipino; ilang kurso sa BEd/MAEd Fil); mga kurso sa mga wikang katutubo (na karamihan ay para sa mga pangunahing wika: Sebwano, Ilokano, Waray, Kapampangan, Pangasinan, Hiligaynon, Bikol, Mëranaw); mga kurso sa banyagang wika sa mga kagawaran ng mga wika sa mga unibersidad, mga banyagang institusyong pangkultura, at mga embahada (karamihan ay Ingles, Español, Frances, Bahasa Indonesia, Aleman, atbp.)

Nararapat na magtatag ng panukatan sa kasanayán sa nabanggit na mga wika na siyang makatutulong sa pagsasánay sa mga tagasalin.

Estratehiya 6. **Pagbuo ng Registry ng mga Tagasalin**. Resulta ng isang matagumpay na programa sa akreditasyon at propesyonalisasyon ng pagsasalin ang pagbuo ng mapagkakatiwalaang registry ng mga tagasalin. Ang mabubuong registry ay magiging pangunahing sanggunian ng mga kliyenteng nangangailangan ng serbisyo ng pagsasalin sa Filipino man, sa katutubong wika, o sa wikang banyaga.

ADYENDUM 2. PAGPAPALAWAK NG PAGSASALIN AT MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL

Ikalawang malaking hakbang sa pagpapalakas ng pagsasalin ang pagmamapa ng naisalin nang mga materyales at pagtukoy sa pangkalahatang direksiyon sa mga isasalin pang akda. Mahalagang tipunin at mapagkaisa ang mga pangunahing institusyon at indibidwal na nagsasalin upang matukoy ang kasalukuyang sitwasyon ng pagsasalin sa Filipinas.

Estratehiya 1. **Sistematikong Listahan ng Isasalin**. Batayang pangangailangan sa pagbuo ng isang direksiyong tatahakin sa pagsasalin ang pagkakaisa sa mga kailangang isaling akda. Nararapat na magtipon sa itinakdang panahon ang mga eksperto sa ibá't ibáng lárang, mga ahensiya ng pamahalaan at pribadong institusyon upang tukuyin at ilista ang mga priyoridad na mga akdang isasalin. Sa pamamagitan din ng pagbuo ng pamantayan kung ano ang kailangang isalin, matutukoy ang kaalaman at impormasyong kinakailangan ng bansa na makatutulong sa pag-unlad nitó.

Ang listahan ay maaaring sumaklaw sa tatlong taon at maaaring maging sekretaryat ng asamblea ang KWF.

Estratehiya 2. **Publikasyon**. Isang paraan sa pagpapalawak ng pagsasalin ang produksiyon ng mga aklat sa ibá't ibáng larang. Hinihikayat ng KWF sa pamamagitan ng programang **Aklat ng Bayan** ang produksiyon ng salin ng mga klasikong akda, mga akdang pampanitikan sa mga rehiyon, at mga akdang historiko. Sa **Programang Palítang Salin** (*Translation Exchange Program*) naman, bumubuo ng matalik na ugnayan sa mga embahada at institusyong pangkultura ng ibá't ibáng bansa upang isalin sa Filipino ang kaniláng mahalagang akda at isalin sa ibá't ibáng wikang banyaga ang ipinagmamalaking akda ng Filipinas.

Estratehiya 3. **Registry ng mga Teknikal na Termino**. Bahagi ng intelektuwalisasyon ng Filipino ang pagsisinop sa mga terminong

ginamit sa pagsasalin, lalo na sa mga terminong ginamit sa agham, teknolohiya, batas, at katulad na mga larang. Ang natipong mga termino ay makatutulong sa pagpapayaman ng wikang Filipino. Humihingi naman ang mga terminong ito ng kaukulang estandardisasyon sa mga isinasagawang pagsasalin.

Estratehiya 4. Paggawad ng mga Insentibo at Pagdaos ng mga Timpalak Pampagsasalin. Upang hikayatin ang maraming Filipino na magsalin, kinakailangan ang isang maayos na programa sa pagbibigay ng insentibo o grant sa pagsasalin. Makatutulong din sa popularisasyon ng pagsasalin bílang isang propesyon ang pagdaos ng mga timpalak gaya ng **Sali(n) Na!** para sa mga akdang historiko na nakasulat sa wikang banyaga at **Timpalak Uswag Darepdep** para sa pagsulat at pagsasalin ng mga akda ng mga kabataan na nakasulat sa mga wikang katutubo. Kinikilála rin sa pamamagitan ng **Kampeon ng Wika** at **Dangal ng Wika** ang mga tagasaling malaki ang naging ambag sa popularisasyon ng Filipino at ibáng mga wika sa Filipinas.

ADYENDUM 3. PAGSASALIN BÍLANG BATAYANG SERBISYO

Pangunahing karapatan ng isang mamamayan ang makakuha ng impormasyon sa pamamagitan ng kaniyang wikang sinasalita. Hinihikayat sa bahaging ito ang paglahok sa pagsasalin bílang batayang serbisyong inihahandog ng mga ahensiya o yunit pampamahalaan.

Ang paghahandog sa pagsasalin bílang batayang serbisyo ay pagsasakatuparan din sa nakasaad sa Artikulo XIV Seksiyon 7 ng Saligang Batas: "For purposes of communication and instruction, the official languages of the Philippines are Filipino and, until otherwise provided by law, English.The regional languages are the auxiliary official languages in the regions and shall serve as auxiliary media of instruction therein.Spanish and Arabic shall be promoted on a voluntary and optional basis."

Sa ganitong diwa, hinihikayat ang lahat ng institusyong pampamahalaan na isalin sa Filipino at mga katutubong wika ang

mga pormularyo, karatula, at katulad na dokumento na kanilang ginagamit sa kanilang tanggapan.

Estratehiya 1. **Frontline Service sa mga Institusyon**. Upang lubusang magamit ang Filipino bílang wikang opisyal at ang mga wikang katutubo bílang wikang pantulong (*auxillary language*), kinakailangang may nakahandang salin ang lahat ng mga gabay ng mamamayan (citizens' charter), mga pormularyo, mga tuntunin, mga karatula, at katulad.

Estratehiya 2. **Kawanihan ng Pagsasalin**. Ang pagtatatag ng Kawanihan ng Pagsasalin ang isa sa pangunahing gawain sa Pambansang Adyenda sa Pagsasalin. Ang kawanihang ito ang siyáng titiyak sa pagsasakatuparan ng pambansang adyenda, magsisilbing opisyal na tagasalin ng mahahalagang dokumento ng pamahalaan, at siyáng mangangasiwa sa akreditasyon ng mga tagasalin.

Sa kasalukuyang ang **KWF Sangay ng Salin** ang gumaganap sa mga pangunahing gawaing ito at ito rin ang nangangasiwa sa pagpanukala ng batas sa pagtatatag ng Kawanihan sa Pagsasalin.

Estratehiya 3. **Monitoring at Ebalwasyon ng Serbisyong Salin**. Makatutulong sa lalong pagpapahusay ng pagsasalin ang pagbuo ng mekanismo sa monitoring at ebalwasyon nitó. Mahalagang bahagi nitó ang pagkalap ng feedback sa mga kliyente at pagsúkat sa bisà (*impact*) ng salin sa target na kliyente.

ADYENDUM 4. PATAKARAN SA PAGSASALIN

Makatutulong sa institusyonalisasyon ng pagsasalin sa Filipinas ang suporta ng mga sangay at yunit ng pamahalaan at mga institusyong pang-edukasyon. Kinakailangang tipunin ang lahat ng patakarang kaugnay ng pagsasalin upang tukuyin kung gaano kasigla ang pagtangkilik sa pagsasalin sa Filipinas. Sa pamamagitan din ng pagtitipong ito, maipaplano ang mga hakbang upang hikayatin ang mga ahensiya at institusyon na ilahok ang pagsasalin sa kanilang operasyonalisasyon.

Estratehiya 1. **Implementasyon ng EO blg. 335**. Isang halimbawa ng patakaran sa pagsasalin ang Atas Tagapagpaganap blg. 335 o ang **Korespondensiya Opisyal sa Filipino**. Sa pamamagitan nitó, inaatasan ang mga ahensiya at instrumentaliti ng pamahalaan na gamitin ang Filipino sa kaniláng mga opisyal na korespondensiya, at isalin sa Filipino ang mga pormularyo at mga karatula.

Estratehiya 2. **Pagganyak sa paglikha ng mga patakaran sa pagsasalin**. Bahagi rin ng implementasyon ng Atas Tagapagpaganap blg. 335 at pagbuo ng plano ng implementasyon nitó ng mga ahensiya ang paglikha ng atas pantanggapan o memorandum hinggil sa mga gagawing pagsasalin. Bahagi sa mahalagang gawain ng KWF ang pagganyak sa mga ahensiya o institusyon na lumikha ng katulad na patakaran na siyáng makatutulong sa epektibong paninilbihan sa kaniláng mga kliyente.

Estratehiya 3. Pagbuo ng Database ng mga Patakaran hinggil sa Pagsasalin. Isang panukatan sa pagtangkilik ng pamahalaan at ibá pang institusyon sa Filipinas sa pagsasalin ang pagkalap sa mga patakaran kaugnay nitó. Sa pamamagitan din nitó, maimamapa ang kasalukuyang priyoridad na isalin, mg lugar sa Filipinas na tumatangkilik sa pagsasalin, at pagtukoy sa mga kahinaan pa sa implementasyon ng pagsasalin bílang isang batayang serbisyo.

Estratehiya 4. Monitoring ng implementasyon at kaugnay na rebisyon ng mga patakaran. Bahagi ng pagpapaunlad sa institusyonalisasyon ng pagsasalin ang pagsubaybay sa implementasyon ng patakaran at rebisyon nitó kung kinakailangan.

ANG ADHIKA NG AKLAT NG BAYAN

Virgilio S. Almario

ANG PANGUNAHING ADHIKA ng Aklat ng Bayan ay isakatuparan ang pangarap na "Aklatan ng Karunungan" sa wikang Filipino. Subalit matalik na nakasanib sa adhikang ito ang adhikang sundin ang panukalang **Pambansang Adyenda sa Salin** na binuo ng Komisyon sa Wikang Filipino(KWF) nitóng 2016, gayundin ang adhikang makapagdulot ng isang modelo tungo sa pagpapasigla ng pambansang industriya ng aklat.

Mula sa naturang adhika, ang Aklat ng Bayan (AB) ay hindi isang mabilisang proyekto at hindi rin limitado sa kapasidad ng KWF. Nangunguna lámang sa tungkuling ito ang KWF sapagkat bahagi ng misyon nitó, alinsunod sa 1987 Konstitusyon, ang pagsasagawa ng mga patakaran at hakbangin tungo sa itinadhanang kaganapan ng Filipino bílang wikang opisyal ng pamahalaan at wika ng pambansang edukasyon. Isa itong proyektong dapat sanang pinasimulan nang dibdiban noon pang ipasiya ang pagbuo sa isang Wikang Pambansa batay sa isang wikang katutubo ng Filipinas. Isa rin itong proyektong dapat lahukan ng mga ahensiya ng pamahalaan, pribadong institusyon at organisasyon, at ibá pang entidad na may kinalaman sa produksiyon at pagpapalaganap ng mga kaalaman at kasanayáng pantao, lalo na sa mga materyales sa pag-aaral at pagtuturo na ginagamit mulang kinder hanggang paaralang gradwado. [Napakaliit pa ng korpus ng karunungang násа wikang Filipino.] Samakatwid, isa itong pangmatagalang gawain—bagaman kailangang-kailangang pabilisin [!] upang mahabol ang mahabàng panahon ng kapabayaan—at isang tungkuling nangangailangan ng aktibong pakikiisa ng mga pribado at publikong kapisanan.

Sinimulan ng KWF ang AB bílang isang programa sa "pagsulat, pagsasalin, pag-edit, at paglalathala" kaugnay ng "Sulong: Dangal ng Filipino" na pinagtibay ng KWF Kalupunan ng mga Komisyoner

sa Kapasiyahan Blg. 13-23 noong 24 Mayo 2013 at inihingi ng pondo mula sa Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA). Sa taóng iyon, nakapaglabas ang KWF ng sampung aklat na nagtatanghal sa nais saklawing uri ng publikasyon ng AB, gaya ng mga salin (*Panitikang Mëranaw*), mga bagong pagsusuring pampanitikan (*Panitikan ng Rebolusyon[g 1896]*), mga patnubay pangwika (*Ortograpiyang Pambansa*, *Patnubay sa Korespondensiya Opisyal*), mga pag-aaral pangwika at pampanitikan (*Mga Lektura sa Panitikang Popular*), at ibá pang pangunahing interes ng KWF. Ngunit inihanda na rin sa taóng iyon ang mga pagsasalin ng panitikang rehiyonal, gayundin ang panitikang banyaga at makabuluhan para maging sanggunian ng mga estudyante, at ang mga saliksik at reperensiya sa ibá't ibáng disiplinang akademiko. Upang ipaliwanag ang adhika ng AB, sa bawat aklat na ilathala ay may ganitong deskripsiyon:

> Ang AKLAT NG BAYAN ay bahagi ng isang pangmatagalang proyekto ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) upang masimulan ang maaaring ituring na "Aklatan ng Karunungan" (*Library of Knowledge*) na magtatampok sa kakayahan ng wikang Filipino bílang wika ng paglikha at saliksik. Sa ilalim ng proyekto, muling ililimbag ng KWF ang mga katangi-tanging pag-aaral sa wika, panitikan, at kultura ng Filipinas; isasalin ang mga mahusay na akda mula sa mga wikang katutubo, panitikang-bayan man o bagong malikhaing pagsulat; isasalin ang mga dakilang akdang banyaga; ipasusulat o tatangkilikn ang mga bagong pag-aaral pangkultura; at ilalathala ang mahuhusay na tesis at disertasyon hinggil sa wika at panitikan.

Napakalaki at napakaraming trabahong dapat tupdin upang maipatatag ang isang "Aklatan ng Karunungan" na nása wikang Filipino. Gayunman, alinsunod na rin sa kakayahan at Medyo Matagalang Plano ng KWF, priyoridad sa proyekto ang pagbibigay ng direksiyon sa mithiing intelektuwalisasyon at modernisasyon ng wikang Filipino. Nakahanay sa ilalim nitó ang paglalathala ng mga

batayang sanggunian (teksbuk, manwal, workbuk); introduksiyon sa mga disiplina na may diin sa agham, teknolohiya, matematika, at araling pangkultura; salin ng mga mohong teksto sa pag-unlad ng tao; salin ng mga klasikong akdang pandaigdig; orihinal na mga tesis at disertasyon; monograp ng mga lektura; at katulad. Alinsunod naman sa isang pangunahing atas ng Batas Republika Blg. 7104 na pangangalaga sa mga katutubong wika ng Filipinas ay nakatakdang unahin ang paglalathala ng mga diksiyonaryo, bokabularyo, balarila, antolohiyang pampanitikan, at mga katulad na materyales. Bukod pa rito ang regular na paglalathala ng isang jornal—ang *Pandiwa*—para sa wika, panitikan, at araling kultural.

PAMBANSANG ADYENDA SA SALIN

Malaking bahagi ng AB ang paglalathala ng mga akdang salin, katutubo man o banyaga. Kayâ mahigpit na nakaugnay ang AB sa Pambansang Adyenda sa Salin ng KWF. Ang mismong paglalathala ng mga salin ay isang paraan upang makaganyak ng mga mahusay na tagasalin, mabigkis silá, at maisailalim sa disiplina ng pagsasalin, at maging propesyonal.

Ang pagganyak at pagpaparami sa hanay ng tagasalin ay nangangahulugan ng pagbubukás ng regular na trabaho para sa mga tagasalin at pagbibigay ng kaukulang bayad para sa pagsasalin. Bukod sa mga akdang kailangang isalin, ang KWF ay maaaring maglingkod na tagapamagitan sa mga kompanyang pribado't opisina ng pamahalaan na nangangailangan ng serbisyong pagsasalin at sa rehistradong mga tagasalin. Kailangan ding magtakda ang KWF, sa pamamagitan ng AB, ng modelong karampatang presyo ng salin. [Sa kasalukuyan, may dalawang kategorya ang KWF para sa ipinasasaling aklat alinsunod sa kapal ng teksto at sa natatantiyang hirap isalin. Ang kaukulang bayad sa pagsasalin ay tinatáyang sapat na itumbas sa dapat kitahin ng isang tagasalin upang mabúhay sa isang buwan o sa dalawang buwang iginugol niya sa pagsasalin. Ngunit kapag nakabuo na ng hanay ng mga propesyonal, higit na magiging isang pamantayan sa presyo ng salin ang kalipikasyon at karanasan ng tagasalin.]

Kailangan ang pormal na pagsasanay sa mga tagasalin. Isang proyekto ng KWF ang dalawang antas na pambansang seminar-palihan sa pagsasalin. Una, ang dalawang araw na pagsasánay sa Batayang Antas. Ang makapasá sa Batayang Antas ay magkakaroon ng pagkakataóng lumahok sa apat na araw na Antas Intermedya. Kapag nakatapos sa naturang mga pagsasánay, ang kalahok ay pagkakalooban ng sertipiko ng kahusayan—isang paraan ng pagkilála sa kaniya bílang propesyonal at maaaring ituring na katumbas ng lisensiya hanggang sa panahong magkaroon ng opisyal na sentro o komisyon para sa regulasyon ng mga tagasalin.

Bukod sa naturang seminar-palihan ang regular at patuloy na pagdaraos ng forum at kumperensiya hinggil sa pagsasalin. Isang paraan ito upang maakit ang madla at magkainteres silá sa pagsasalin, at makapagpalaganap ng edukasyon hinggil sa pagsasalin. Inaasahan ding maging bahagi ito ng pagtataas sa antas ng kaalaman ng mga tagasalin. Kung hindi man laging itaguyod ng KWF ang mga aktibidad na ito, inaasahang magiging tungkulin ito ng isang organisasyon o isang sentrong pribado na bibigkis sa hanay ng mga tagasalin.

Sa kasalukuyan, nakatuon ang mga hasaan at palihan sa pagsasaling Filipino—Ingles o Ingles—Filipino. Bunga ito ng pangangailangan ngayon at ng limitasyon ng mga tagapagsanay. Ngunit inaasahang dumako ang pagsasanay, sa lalong malapit na panahon, sa pagsasaling Filipino—Ibáng Katutubong Wika o Ibáng Katutubong Wika—Filipino. Inaasahan ding makapagtipon ng mga eksperto sa Español, Bahasa, Japanese, Chinese, at ibáng banyagang wika. At inaasahan ding umunlad ang talakayan tungo sa pagsasalin ng mga akda sa matataas na disiplinang teknikal at akademiko. Mga kahingian ito tungo sa pangmatagalang mithiing makapagtatag ng isang pambansang "Kawanihan sa Pagsasalin."

Sa ngayon, dapat asikasuhin ang pagtatatag ng mga sentro o linangan sa pagsasalin sa mga unibersidad at rehiyon sa buong Filipinas. Malaking tulong kung ang bawat Sentro ng Wika at Kultura (SWK)

ay magkaroon ng tungkuling manguna sa pagsasalin ng panitikan sa katutubong wika ng kinalalagayan probinsiya o rehiyon.

PAGUSÚLONG SA PAMBANSANG LITERASI

Mahigpit ding nakaugnay ang AB sa pagsusúlong ng pambansang literasi. Adhika ng AB ang isang "Aklatan ng Karunungan" na nása wikang Filipino hindi lámang dahil sa tadhana ng 1987 Konstitusyon hinggil sa nararapat na propagasyon ng Filipino bílang Wikang Pambansa. Nakaangkla din ang proyekto sa simulain ng edukasyong unibersal—na higit na mabilis matuto ang isang batà kapag tinuruan sa kaniyang sariling wika—gayundin sa matagal nang iniuulat na problema hinggil sa kawalan ng babasahíng edukasyonal sa mga paaralan at lalo na sa ordinaryong mga tahanan sa lalawigan. Kayâ sinasabi noon pa na kahit matutong bumása ang isang batàng Filipino, mabilis niyang nalilimot ang napag-aralan sapagkat hindi niya nagagamit paglabas ng paaralan. Malimit na walang aklat o anumang uri ng babasahíng edukasyonal na maaari niyang buklatin upang ihasa ang kaniyang kasanayáng bumása. Kung may aklatan man, hindi nitó nasasagot ang tunay niyang pangangailangan upang maging higit na litereyt, at magtamasa ng higit na kaalaman, at upang maging higit na kapaki-pakinabang na mamamayan ng Filipinas.

Bílang alternatibong proyektong panliterasi, kailangang kagyat maglingkod ang AB sa pook at sektor na maralita. May korelasyon ang kondisyong pangkabuhayan ng isang pook at ang antas ng literasi ng mga taumbayan. Kayâ kung ipagbibili, kailangang ibenta sa pinakamúrang halaga ang mga aklat. Kung maaari, sa halagang káya ng ordinaryong mamamayan o sa halagang kapantay lang ng ginagastos nilá sa kaniláng bisyo at pansariling luho (sigarilyo, huweteng, hinyebra, sabong). Kung ipamamahagi, higit na dapat iukol ang distribusyon sa mga aklatan ng mga hikahos na bayan at probinsiya.

Isang sagot sa naturang kahingian hinggil sa distribusyon ang pag-

uukol ng isang tiyak na bolyum ng bawat ilathalang aklat para sa mga tinaguriang "underserved areas" ng DBM. Batay sa Kapasiyahan Blg. 16-22 ng Kalupunan ng mga Komisyoner nitóng Hunyo 2016, ipinasiya na pumilì ang KWF ng 300 aklatan sa mga probinsiyang mababà ang kalagayang ekonomiko at isáma ang listahang ito sa mga aklatan ng gobyerno na binibigyan ng kopyang komplimentaryo. Maaari pang madagdagan ang listahan kung kailangan.

Samantála, ang pagpapababà sa presyo ng libro ang isang malaking tuon ng pangangasiwa sa AB. Bukod sa walang mahusay na sistema para makaratíng ang mga aklat sa mga liblib na barangay at isla ng Kapuluan, lubhang mataas ang presyo ng karaniwang libro na may 100–200 pahina para sa ordinaryong mamamayan. Naglalaro sa kasalukuyan sa PHP300 hanggang PHP500 ang halaga ng gayong libro sa National Bookstore. [Kayâ luho ang libro! Mahal pa sa apat na hamburger ng Jollibee!] Tiyak na hindi iyon makakáyang bilhin ng ordinaryong pamilya. Sa gayon, tinarget ng KWF na maibenta sa kalahati ng naturang presyo ang AB. Ang ibig sabihin, pigilin hangga't maaari sa PHP100 ang presyo ng aklat na may 100 pahina at sa PHP200 ang aklat na may 200 pahina.

Unang hakbang sa gawaing ito ang episyenteng bidding upang mapunta ang AB sa mahusay na'y múra pang magpresyong palimbagan. Ikalawa, ang pasiyang hindi gumamit ng establesidong tindahan ng aklat (gaya ng National Bookstore) na malimit ay nagpapatong ng 30–45% sa presyong pambentahan (*selling price*) ng aklat. Sa ngayon, nagtagumpay na ang KWF na maipirme ang presyong pambentahan sa target na presyo nitó bagaman napakaliit ng palugit upang hindi malugi. Subalit may mga fidbak nang napapansin na ng ibáng pabliser ang halimbawa ng AB—at mahalaga ito sa krusadang panliterasi ng AB—bukod sa malinaw na umaakit na ito ng lumalaking madlang mambabasá.

Bakit ba napakataas ng presyo ng libro sa kasalukuyan?

Nakaugat ito sa isang pambansang pamahiin na ikinalat ng kung

sinong Herodes at pinananiwalaan ng mga pabliser at maging ng mga edukador. Ano ito? Na hindi nagbabasá ang mga Filipino. O na isang bansang tamad magbasá o ayaw magbasá ang mga Filipino.

Sa isang bandá, dapat ituring itong palatandaan ng malaking kabiguan ng pambansang edukasyon. May problema halimbawa ang pagtuturo ng panitikan kayâ ayaw nang bumuklat ng librong pampanitikan ang batà paglabas ng silid-aralan. Ngunit kahit magkaroon ng hilig bumása, wala namang mahuhusay at kaakit-akit na aklat sa paligid. Kailangan pa niyang pumunta sa lungsod upang maghanap ng buk-istor.Pagtingin naman niya sa National Bookstore ay mauubos ang sambuwang allowance niya sa isang munting aklat lámang.

Muli, bakit napakataas ng presyo ng libro?

Maaaring tukuying isang salarin ang karaniwang pabliser. Dahil sa nabanggit nang pamahiin, natatákot siyáng maglagay ng malaking puhunan sa paglalathala ng trade books. Negosyante siyá, gusto niyang mabilis ang balik at kíta ng kaniyang kapital, at kayâ mas itinutuon niya ang lakas at talino sa pakikipaglaban para makapagbenta ng teksbuk sa DepEd na sigurado ang kíta. Naglalabas siyá ng ilang aklat pampanitikan para lámang matawag o igálang na isang lehitimong pabliser. Ngunit limitado ang print-run. Kung kuwento, hanggang 1,000 sipi; kung tula, 200 hanggang 500 sipi. Titipirin din niya ang gastos sa produksiyon. Hangga't maaari, newsprint ang papel, o kayâ ang pinakamanipis at pinakamúrang bukpeyper. Hangga't maaari din, babaratin niya ang royalti ng manunulat, tagasalin, o editor. Sa kabilâ ng pagtitipid, ikakarga niya ang lahat ng gastos sa produksiyon patí ang pambayad ng tax, posibleng gastos sa promosyon, at 30% tubò sa presyong pambentahan ng kaniyang limitadong print-run. Kayâ sumisirit pataas ang presyo ng libro. Ang librong PHP40 lámang bawat sipi ang presyo ng paglilimbag ay nagiging PHP250 ang pagbebenta sa tindahan. Pinipilit niyang mabawi ang pangkalahatang puhunan at gastos sa una't napakalimitadong edisyon ng libro.

Ang totoo, maaari namang mag-umpisa ang isang pabliser sa 200–500 sipi ng isang aklat. Upang hindi aksaya sa puhunan at kumain ng espasyo sa bodega. O hanggang pinag-aaralan pa niya ang sistema ng pamamahagi o kayâ'y bílang pagsubok niya sa tunay na kakayahang bumili ng market. Ngunit hindi niya dapat ikarga sa presyo ng libro ang lahat ng gastos niya sa produksiyon.

Makabuluhan sa bahaging ito ang panukalang pagpresyo sa libro ng AB. Sa yugtong ito ng pagbebenta ng libro, dapat ituring na hindi kikíta ang unang edisyon ng bawat aklat. Kayâ mahalagang umisip ng mga paraan ng pagtitipid sa produksiyon upang hindi tumaas ang presyo ng unang edisyon. Bulagsak ang pabliser na agad magpapaimprenta ng libo-libong kopya ng unang edisyon, maliban kung may tiyak siyáng pagbebentahan o ibáng motibong komersiyal. Sa halip, totoong makatwiran ang limitadong kopya sa unang edisyon. Ngunit kailangang ibenta niya ang unang edisyon sa presyong abot-káya ng madla at sa tinatantiyang presyo nitó kapag nagkaroon ng ikalawa o ikatlong edisyon at may malakihang print-run.

Sa ganitong pananaw, panukala ng AB na huwag isáma sa kabuuang gastos sa produksiyon ang pamumuhunan sa pagsulat, pagsasalin, pag-edit, atbpang kaugnay sa paglikha ng isang aklat bago dalhin sa imprenta. Ito ang nagpapalaki sa presyo ng paglalathala. [Kayâ ito ang malimit pagtuunan ng pagtitipid ng mga pabliser! At ito rin ang malimit na ugat ng mababàng uri ng babasahíng komersiyal ngayon!] Naglalaro ito sa 30–40% ng gastos sa produksiyon. Sa panukalang pagtutuos ng gastos ng AB, ang naturang pre-production costs ay dapat ituring na permanenteng puhunan, at sa gayon ay dapat bawiing unti-unti alinsunod sa inaasahang itatagal ng libro sa palengke at sa inaakalang paglaki ng benta nitó sa mga susunod na edisyon.

Nakasalig ang panukalang AB sa dalawang haka. Una, na nais ng Filipino na bumása ng aklat. Ang pangunahing hadlang: Masyadong mataas ang presyo ng aklat para sa kaniyang kakayahang bumili. Ikalawa, na dapat pinag-aaralan ng pabliser ang posibilidad ng

kaniyang ilalathalang akda. Sa gayon, bago ilathala ang isang akda ay alam na niya kung may market ito at kung gaano kalaki ang posible nitóng benta pagkatapos ng unang edisyon. Sa pamamagitan ng ganitong ebalwasyon ay mas makasusugal siyáng ibabâ ang presyo ng unang edisyon.

Sa kaso ng KWF, ang panukalang turing na ito sa pre-production costs ay hindi dapat ikabahala ng COA at ng pamahalaan. Bahagi ng tungkulin ng KWF ang paglalathala tungo sa pagpapalaganap at pagpapalusog ng Filipino at ibáng katutubong mga wika ng Filipinas. Kaugnay nitó ang mga gawain at proyektong tumatangkilik sa mga manunulat at tagasalin bílang mga tagapagpalaganap ng wika. Sa gayon, ang pagbabayad sa manunulat, tagasalin, o editor (patí na ang artist na tagadisenyo at tagaley-awt ng libro) ay maihahalintulad lámang sa mga gastos sa timpalak pampanitikan, pagdaraos ng seminar at palihan, pagbibigay ng parangal at gawad, atbpang proyektong nauukol sa pagpapalaganap ng wika at panitikan. Permanenteng puhunan at gastos na hindi dapat asahang pagkakitahan ng salapi. Ang isang mahusay na akda o isang mahusay na salin ay isang pangmatagalang asset at may gamit na pangmatagalan para sa KWF. Magiging bahagi ito ng koleksiyon ng gobyerno, masasaliksik ng mga guro't iskolar, at posibleng muling ilathala para sa ibáng proyektong pampanitikan at pang-edukasyon. Sa katunayan, kahit hindi magamit sa AB, ang isang mahusay na akda o salin ay dapat tangkilikin, ingatan, at palaganapin ng KWF sa ibáng paraan.

Ang totoo, sa ilalim ng naturang tuntunin at simulain ay maaaring ipamigay nang libre ang AB sa lahat ng paaralang publiko at mga opisina ng gobyerno. Maaari itong ihingi ng espesyal na pondo sa DBM o maging proyekto ng isang Senador. Kailangan din sa ngayon ang mahigpit na pakikipagtulungan ng NCCA, National Book Development Board (NBDB), DepEd, CHED, at ibá pang sangay at ahensiya ng pamahalaan para sa ibá't ibáng aspekto ng proyekto. Magandang alalahanin kaugnay nitó ang naganap na

pagpapalaganap ng aklat sa mga sundalo noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. May nakaisip na bigyan ng makabuluhang aliwan ang mga sundalong Americano sa larangan, at may nagmungkahi na magpamudmod ng mga librong idinisenyo upang magkasiya sa bulsa ng uniporme. Noon ipinanganak ang pocketbook—na isang rebolusyon sa paggawa ng aklat. Hindi lámang ito nakapagpataas sa literasi ng mga sundalong bumása ng literaturang natatanggap nilá. Pinalaganap nitó ang panitikang Americano, ipinakilála sa madla ang mga manunulat na Americano, at nagpasigla sa industriya ng paglalathala ng libro sa Estados Unidos hanggang makaraan ang giyera.

Gayunman, dahil adhika din ng KWF ang AB na maging modelo para sa mga pabliser, kailangang lumahok ito hanggang sa pagbebenta ang aklat. Subalit hindi dapat maging aktibong kakompetensiya ng mga pribadong pabliser ang AB. Ang ibig sabihin, hindi dapat umabot sa purong gawaing komersiyal ang distribusyon ng AB. Ang unang edisyon ng bawat aklat sa AB ay dapat may tatak na "limitado ang kopya at eksperimental." Kung sakali, ang katangiang ito ang makatutulong magpabilis sa mga negosasyon para sa mga kontratang pangkarapatang-sipi at sa pribilehiyong ipinahihintulot ng batas hinggil sa *fair use* ng isang akda. Sa pamamagitan din ng tatak na ito ay maipahihiwatig ang kontroladong gawaing komersiyal ng KWF. At paano kung maging mabenta ang mga aklat sa AB? Bahagi ng di-komersiyal na adhika ng AB na ipahintulot ilathala ng interesadong ibá't pribadong pabliser ang alinmang aklat ng KWF nang hindi isinasakprisyo ang karapatan at interes ng mga nasasangkot na awtor, tagasalin, artist, at editor. Ang higit na adhika ng AB ay manguna at humawan ng landas sa paglalathala ng mga akdang hindi itinuturing na may halagang komersiyal ngunit kailangan para sa edukasyon at literasi ng sambayanan. Kung magtagumpay ang AB sa gawaing ito at maging interesado ang mga pabliser na isagawa ito, kailangang isalin ng KWF ang tungkulin sa pribadong sektor.

Bílang lagom, ang AB ay isang krusada ng KWF para sa mga mithing pangwika, pampanitikan, at pang-edukasyon bukod sa

isang hakbang tungo sa pagpapasigla ng isang tunay na "Industriya ng Aklat" sa Filipinas.

ALTERNATIBONG SIRKULASYON NG AKLAT

Isang pangunahing problema ang pagbuo ng mga malikhain at alternatibong paraan ng pagpapalaganap at pagbebenta ng aklat sa buong Kapuluan. Hinding-hindi puwede ang kasalukuyang sistema na umaasa sa ilang tindahan ng aklat sa mga lungsod at sa mga mahirap asahan (at pagtiwalaang) jobbers na limitado din ang paraan ng pagbebenta sa mga eskuwelahan. Ang paggastos para sa promosyon ng aklat [na hindi teksbuk] ang walang-wala sa utak ng ating mga pabliser. Ngunit kailangang gumawa ng ibá-ibáng paraan ng pagbebenta at paghahatid ng aklat—mula sa pagbubukás ng mga sentro at aklatan na tindahan din ng mga babasahín, pagsasánay ng TESDA kung paanong magbenta ng aklat, pagtatayô ng mga mobil-aklatan sa bawat probinsiya, pagbebenta sa Internet, atbp.

Isang susi sa epektibong pagbibili ay ang mahusay, malaganap, at tuloy-tuloy na kampanya upang ihasik ang halaga ng aklat at ng pagbabasá. May mga takdang araw na para ipagdiwang ang aklat, aklatan, aklat pambatà, at pagbabasá. Isang mahalagang dagdag ang idineklarang "Buwan ng Panitikang Pambansa" (National Literature Month) tuwing Abril mula nitóng 2015. Nagkataon pang ang simula ng Abril ay pagdiriwang sa "Araw ni Balagtas" (Abril 2) at ang bandáng gitna (Abril 23) ay "Pambansang Araw ng Karapatang Intelektuwal" bukod sa "Pandaigdigang Araw ng Aklat" (*Dia del Libro*) dahil anibersaryo ng kamatayan nina Shakespeare at Cervantes.

Sa pangunguna ng KWF, NCCA, at NBDB ay nakabuo na ng isang higit na malawakang programa para ipagdiwang ang "Buwan ng Panitikang Pambansa" nitóng Abril 2016. Magkakatulong na ipinagdiwang ng KWF, NCCA, at NBDB ang mga naturang araw sa Abril bukod sa nagsangkot pa ng ibáng ahensiya ng pamahalaan, mga embahada at banyagang institusyong pangkultura, mga paaralan, at

mga pribadong kompanya at kapisanan. Sa ganitong paraan, naging maringal ang pagdaraos ng "Buwan ng Panitikang Pambansa" sa loob lámang ng dalawang taon.

Isang buwang nagdaos ng sari-saring aktibidad sa ibá't ibáng pook (sa buong Metro Manila at sa ibáng rehiyon). Aktibong pinalahok ng KWF ang mga SWK sa labas ng Metro Manila. Nagkaroon ng mga seminar, forum, palihan, perya ng libro, timpalak, at gawad. Bumuo rin ng isang malawakang programang pang-mass media upang maipakilála ang mga awtor at mga bagong aklat at maidiin ang halaga ng pagbabasá sa pamamagitan ng TV at radyo. Nagpakalat din ng mga poster at pabatid, tshirt at ibáng merchandizing ukol sa pagdiriwang. Ipinagdiwang ang ibáng bayaning manunulat na ipinanganak o namatay sa buwan ng Abril, gaya ni Emilio Jacinto na namatay sa Majayjay, Laguna noong Abril 16.

Isang malaking proyekto ng pangkat ang pagtatayô ng bantayog para kay Jacinto sa Majayjay, kasunod ng pagtatayô ng bantayog para kay Balagtas sa Udyong, Bataan noong 2015. Inaasahang magpapasigla ito tungo sa komemorasyon ng ibá pang bayaning manunulat at manggagawang pangkultura sa buong bansa. Kung wala pang kongkretong paraan ng paggunita—halimbawa sa pamamagitan ng pagpapangalan sa aklatan, gusali, parke, o lansangan—balak ipagunita rin ng pangkat ang mga manunulat na gaya nina Leon Pichay ng Ilocos, Illuminado Lucente ng Leyte, Isabelo de los Reyes ng Vigan, Pascual Poblete ng Cavite, Patricio Mariano ng Malabon, Lope K. Santos ng Rizal, Ramon Muzones ng Iloilo, at marami pa. May kampanya din ngayon ang KWF at NCCA na ipadeklarang pambansang bayani si Balagtas upang maging sagisag sa wastong pagpapahalaga sa panitikan at kultura ng bansa.

Dalawa pang aktibidad ang magandang isagawa nang tuloy-tuloy at kahit sa labas ng buwan ng Abril. Una, ang "tertulya sa panitikan" na isang maikling palatuntunang pampanitikan na isinasagawa sa mga paaralan. Bawat tertulya ay nagpapahalaga sa isang manunulat o isang akda (na maaaring luma o bagong lathala), at isinasagawa sa pamamagitan ng isang lektura, panel discussion, pagbása ng

tula o sipi sa kuwento, pagsasadula ng isang katha, awitan, atbpang paraan ng pagtatampok sa manunulat at sa panitikan. Maaari din itong idaos sa parke o isang pook sa labas ng paaralan. Ikalawa, ang "lakbay-kultura" na maaaring isang peregrinasyon o isang maramihang pagdalaw sa isang pook (bayan, distrito, o lalawigan) upang pahalagahan ang panitikan at kultura doon. Pinangunahan ng LIRA ang peregrinasyon sa Majayjay sa araw ng kamatayan ni Jacinto. Samantala, binuo naman ng isang organisasyon sa PUP ang cultural tour ng Pandacan. Makabuluhan ang ganitong "lakbay-kultura" para maitanghal sa mga estudyante't guro ng panitikan ang yamang pangkalinangan at kabuluhang pangkasaysayan ng isang pook. Nagiging hámon naman ito sa mga organisasyon at pinunò sa isang pook upang saliksikin at pag-aralang itanghal ang halaga ng kaniláng pamayanan.

ISANG BANSA NG MAMBABASÁ

Dapat ding banggitin ang "Literary Festival" ng NBDB, ang book fair sa Cebu, ang mga sesyon ng pagkukuwento sa mga paslit gamit ang mga alamat at kuwentong-bayan, at ang binubuong presentasyon sa TV ng mga natatangi at tradisyonal na debateng patula. Nakasaad sa naturang mga aktibidad ang layuning palaganapin sa labas ng Metro Manila ang diwa ng "Buwan ng Panitikang Pambansa" gayundin ang pag-alaala sa mahahalagang panitikang-bayan ng ibá-ibáng katutubong pangkatin. Hindi dapat mahinto ang mga gawaing ito at hindi rin dapat mahinto sa mga gawaing ito lámang ang promosyon ng aklat at pagbabasá. Dapat pang palakihin ang bawat aktibidad—gawing "bongga"—at dapat magsangkot ng higit pang maraming organisasyon at institusyon.

Samantala, kailangang umisip pa ng ibáng paraan ng pagpapalaganap. Halimbawa ang planong "Aklat Caravan" ng NBDB katulong ang Book Development Association of the Philippines (BDAP) upang magtipon ng isang pangkat ng bus o trak na maglalaman ng mga aklat, lilibot sa mga lalawigan at rehiyon, at magbebenta ng aklat sa bawat estasyon. O kayâ ang planong maging tampok na bansa ang

Filipinas sa Frankfurt Book Fair—na isang hámon sa mga pabliser na maglathala ng higit na marami at higit na mahusay na aklat, bukod sa isang paraan ng pagpapakilála sa mundo ng panitikan at aklat mula sa Filipinas. Nangangailangan ang mga ito ng matinding kooperasyon sa panig ng mga tao at institusyong kasangkot sa paglalathala ng aklat at ng desididong liderato upang magtipon ng pondo at upang bigkisin ang lahat sa mga naturang hangarin.

Sa panig ng KWF, dapat nitóng (1) pagbutihin ang pagsasakatuparan ng "Programang Palítang Salin" (*Translation Exchange Program*) na may layuning maisalin at mailathala dito ang mga importanteng akda mulang ibáng bansa at maisalin at mailathala naman sa ibáng bansa ang mga importanteng awtor ng Filipinas; (2) dagdagan at ipagparangalan ang "KWF Selyo ng Kahusayan" upang mabigyan din ng gawad ang mga aktibong kalahok sa pagpapalaganap ng aklat at pagbabasá; (3) magdaos pa ng mga palihan at pagsasanay sa pagsulat, pagsasalin, editing, pagdisenyo ng aklat, pagkukuwento sa mga batà, at katulad; (4) isalin ang AB sa anyong elektroniko at paglikha ng isang website upang maipabása nang libre ang mga libro; (5) lumikha ng mga bago't kaakit-akit na bagay na pampromosyon—keychain, bolpen, munting estatwa, atbp—na magagamit sa pagpapalaganap ng AB; (6) lumikha ng angkop na katalogo ng AB at maglathala ng mga balita at artikulo hinggil sa bawat aklat na ilathala; (7) husayan pa ang "Kapihan sa Wika" upang maging mabisàng kasangkapan sa pagpapalaganap ng mga aklat sa AB.

Kaugnay ng inilistang 300 aklatan sa buong bansa, mahalagang makilála itong mabuti ng KWF. Kung kailangang tipunin ang mga laybraryan ng 300 aklatan, maaaring magdaos ng isang seminar para sa kanilá at upang mabigyan silá ng opisyal na tungkulin hinggil sa pagpapalaganap ng pagbabasá.

Sa dulo ng lahat ng kampanyang ito kaugnay ng AB, magkakaroon ng isang espiritung panlahat ang mga sektor na kasangkot sa paglalathala—mula sa mga manlilikha hanggang sa mga pabliser, tindero, at laybraryan. Magtutulong ang lahat para sa pagbuo ng

isang bansa ng mga mambabasá. Kasunod nitó ang pagtatag ng isang "Aklatan ng Karunungan" sa wikang Filipino. At kung sisigla pa, patí sa ilang wikang katutubo ng Filipinas.

Ferndale Homes
6 Hulyo 2016

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
Gusaling Watson, 1610 Kalye J. P. Laurel
1005 San Miguel, Maynila
Tel. (02) 736-2525 / 736-2524 / 736-2519
www.facebook.com/angkomisyonsawikangfilipino
komfil@kwf.gov.ph
www.kwf.gov.ph